

1

Huling araw bago ang pasukan ng second semester, nagpunta na si Ruby Escodero sa *St. Macias* dormitory, ang kaisa-isang dormitory sa loob ng *Colegio de San Juan de Letran* Bataan campus, para ayusin ang gamit at doon na rin magpalipas ng gabi.

Pangarap niyang maging isang doktor at napili niya ang Psychology bilang pre-Medicine course niya.

Dahil alas cinco lamang noon, siya pa lang ang naroon kaya naman medyo bored siya.

“Hay, makapag-*FB* na nga lang ako.” Kinuha niya ang laptop sa bag saka nagtungo sa lobby kung saan may access ng internet.

Sa totoo lang, mas gusto niyang mag-internet sa cell phone kaya lang ay mahina ang signal ng *Globe* sa lugar niya. Nasa bundok kasi. Sayang nga dahil may free *Facebook* pa namang promo ang nasabing network.

Nang makababa sa lobby para makigamit ng cable, napangiti si Ruby nang makitang walang gumagamit ng internet.

On the Seventh Day of May - Red Raselom

Yes! Mabilis ang net! ngingisi-ngisi pa niyang monologo habang ikinakabit ang kable sa laptop niya.

Hindi nagtagal, nakapag-*Facebook* na siya. Una niyang tiningnan ang mga notification. So far, walang makabuluhan dahil pulos likes lang sa status niya saka apps invitation.

Dahil walang friend request, binuksan na niya ang *Messenger*.

“Grabe itong group chat namin!” aniya nang makitang may 340+ unread messages siya sa group chat. “Ano na naman kaya’ng pinag-usapan ng mga ito?”

Ang mga taong nasa group chat ay ang barkada niya—sina Michelle Anderson, Josel Mae Doña, Kenneth Cristobal, Dylan Cortez at ang de Jesus twins na sina Michael John o MJ at Robert John o RJ. Maliban kay Dylan na nag-migrate sa Italy noong summer lamang, lahat sila ay estudyante ng *Letran-Bataan* campus sa iba’t ibang kurso at kasalukuyang nasa ikatlong taon.

Ni-load ni Ruby ang mga naunang message at nag-backread. As usual, mga kalokohan ang laman niyon. Nariyan ang pag-emote ni Michelle dahil nami-miss na nito si Dylan na na-link rito. Pinagtulungan

On the Seventh Day of May - Red Raselom

namang i-bully nina Josel at MJ si RJ.

RJ: Knock, knock, guys.

MJ: Walang tao.

Josel: Walang tao.

Josel: Ay takte, inunahan ako. -_-

RJ: Dali na kasi, guys!

MJ: Wala ngang tao! Ang kulit ba ng ilong mo. Gusto mo, ipalamon ko ang etits ko sa iyo?

Josel: Hoy, MJ! Ano ba iyan! Kaderder ka, eh. -_-

RJ: Dali na kasi! - _____ -

*Michelle: Nami-miss ko na talaga si Dylan.
Huhu :(*

Josel: Iyak ka muna, RJ.

RJ: - _____ -

RJ: Sige, ganyan, eh.

*Josel: Gusto mo, sunod ka na sa kanya, Mich?
Sponsoran ko ticket mo.*

On the Seventh Day of May - Red Raselom

*Michelle: Talaga? *u**

Josel: In your dreams! XP

RJ: Knock, knock nga kasi! 'Tang-ina naman, oh!

Michelle: Tae ka, Josel. Huwag mo na nga akong kakausapin! Hindi na kita kaibigan! -_-

Michelle: Who's there, RJ?

Josel: 'Kay. Basta, maganda ako. Bleh!

RJ: Puso mo.

Josel: Hoy, RJ! Tigilan mo ang kakornihan mo! -_-

RJ: Inch by inch we're moving closer... it's like a fairy tail...

*Josel: *Tale*

Michelle: Fairy tale

MJ: 'Tang-ina! Fairy tail daw. Bobo! XD

RJ: Sorry na -_-

Michelle: Nasaan 'yung puso mo?

RJ: Aba, ewan ko. Ikaw lang naman ang may hawak n'on, eh. :'">

On the Seventh Day of May - Red Raselom

Seen by Michelle, MJ and Josel

RJ: Aba, walang nag-react! Sayang ang effort mag-isip, ha?

Josel: Oo nga naman, guys. Tawa tayo. Nag-effort 'yung tao mag-isip, eh.

Josel: BWAHAHAHA!

MJ: KEKEKEKEKEKE!

Michelle: NYAHAHAHAHA!

Dylan: BWAHAHAHAHA!

Dylan: Ano'ng meron?

Michelle: Dylan!

Humagalpak ng tawa si Ruby. Napatingin tuloy ang guard sa kanya, bagaman hindi ito nagtanong kung bakit siya tumawa.

“Adik talaga ang mga tukmol na ito. Kawawa si RJ sa kanila, ay!” Ipinagpatuloy niya ang pagbackread ng usapan. “Lagi na lang nilang binu-bully si—”

Natigilan siya nang makita ang kauna-unahang mensahe ni Kenneth sa conversation.

On the Seventh Day of May - Red Raselom

Kenneth: Aba, banat ni RJ. Pinag-isipan nga. Nice (y)

RJ: 'Buti pa si Fafa Kenneth, matino kausap. Huhuhu! Binu-bully nila ako. Huhuhu.

Kenneth: Corny kasi talaga 'yung joke mo. :">

RJ: Ay, 'tang-ina. Akala ko naman ligtas na ako. -_-

Dylan: Bwahahaha! Nice one, p're!

Kenneth: Oy, Dylan, nasaan daw ang puso mo? XD

*Michelle: *ehem**

Dylan: Sus, tinatanong pa ba iyan? Malamang na kay MICHELLE LACOSTA-ANDERSON NA ANAK NI SEAN AT MALOURI LACOSTA-ANDERSON!

Josel: #CAPSLOCKMOPARAINTESE! <3

Michelle: :">

MJ: Speechless si Mich. XD

Dylan: Labyu, Mich. Ikaw lang, walang iba. <3

On the Seventh Day of May - Red Raselom

Josel: Langgam, ayie!

Josel: Ikaw ba, Kenneth, na kanino ang puso mo?

Kenneth: Tinatanong pa ba iyan? Malamang na kay Ruby. :”>

MJ: Ay, ‘tang-ina! Pag-ibig na ito!

Kenneth: Hindi pala siya online. Sayang! XD

Napaikot ng mga mata si Ruby. “Lecheng Kenneth ito! Pagtitripan na naman ako!”

Recently, she noticed that Kenneth was acting differently. Naging hambog ito. Halimbawa na lang ay noong minsang nag-post ito ng litrato nitong may caption na: *Ang gwapo ko talaga. For sure, agree si Ruby Escodero d’yan! Hehe.* At talagang naka-tag pa sa kanya!

Noong minsan namang tumambay silang magbabarkada sa bahay ni Michelle dahil birthday nito, nahuli siya nitong nakatitig dito. Aba, kinindatan siya nito, sabay sabing, “*O, nakatitig ka na naman. Na-i-in love ka na sa akin, ano? Gwapo ko talaga kahit kailan.*” Weird nga dahil noon ay dedma lang si Kenneth.

On the Seventh Day of May - Red Raselom

Since when did Kenneth become like this? she wondered. Weird talaga, swear. Hindi naman siya ganoon ka-conceited, ah.

Well, totoong gwapo ito at, to be honest, crush niya si Kenneth at alam iyon ng binata.

Bagaman hindi pa niya nagiging kaibigan noon ang lalaki, she first met him noong nakasabay niya itong nag-entrance exam sa *Letran*. The moment she saw him, her heart was captivated.

Bakit nga ba hindi? Everything about him constituted perfection. He had a slightly tanned skin that contrasted perfectly with his auburn-dyed hair; the loose strands pleasantly framed his oval-shaped face. His brown eyes and thick eyebrows also complemented his winsome smile perfectly. And hey, he got a nice built as well, bagaman medyo payat. And he was loaded with talent—magaling nang mag-rap, bad-ass pa sa dance floor.

Pero kaya talaga ako na-fall sa kanya nang bonggay dahil kamukha niya si Nickhun-oppa. Napangiti siya. She was pertaining to the only Thai member of the K-pop group 2PM. Ito rin ang ultimate celebrity crush niya kaya ang lakas talaga ng tama niya kay Kenneth.

On the Seventh Day of May - Red Raselom

Sa ngayon? Bagaman crush pa rin niya ito, hindi na ganoon kalakas ang impact sa kanya ng lalaki. Marahil ay dahil parati na niya itong kasama at nakakausap.

Ipinagpatuloy ni Ruby ang pagbabasa sa group conversation ng barkada at kulang na lamang ay maggugulong siya sa labis na kilig.

MJ: Paano ba iyan, Kenneth, liligawan ko si Ruby.

Kenneth: HA?!

Kenneth: 'Tang-ina, tigilan mo ako. Di nga?

MJ: Oo nga. Pumayag na siya.

Kenneth: 'Tado ka! Foul iyan. Di ba nag-usap tayong walang manliligaw sa kanya at hayaan siyang ma-in love sa isa sa atin?

MJ: Sorry ka, p're. Ganoon talaga kapag nagmamahal nang sobra.

*Josel: *ehem* Nag-text sa akin si Ruby, umabot na raw sa Pluto ang kilig niya.*

Kenneth: 'Tang-ina mo ka, ha! Hindi! Magtigil ka. Foul iyan.

On the Seventh Day of May - Red Raselom

*MJ: Sorry ka! Finders keepers, losers weepers.
You snooze, you lose!*

Dylan: ‘Tang-ina! Anong kaguluhan ito?’

Michelle: Ano raw, MJ?

Kenneth: -_-

Kenneth: Basta, akin lang si Ruby, period. No erase, padlock, susi, akin na lahat.

Kenneth: XD

“Ano ba, kinikilig na ako! Sobra!” Malakas na nahampas ni Ruby ang mesang ginagamit niya. “Kahit ba pinagtitripan lang nila ako, korek si Josel. Abot na hanggang Pluto ang kilig ko! Hihi.”

She sighed and closed her eyes. Dahil sa kalokohan ni Kenneth, hindi tuloy niya maiwasan ang sariling paganahin ang K hormones—kalandian hormones. Syempre, para intense, papikit-pikit effect pa siya.

Maybe, one day, liligawan ako ni Kenneth. ‘Tapos, magiging perfect man siya for me. ‘Tapos, tuwing anniversary namin, lagi siyang may surprise sa akin until the seventh one which is mismong araw ng

proposal niya... OMG lang.

Hinawakan ni Ruby ang pisngi niya. Ang init niyon! *Gaano na kaya kapula ang pisngi ko?*

Iminulat niya ang kanyang mga mata at nagdesisyong mag-reply na sa message nang walang anu-ano ay may naramdaman siyang presensya sa likuran niya. Mayroon bang nakikibasa? Well, of course, there was one way to find out.

Gugulatin ko nga ang tukmol na ito! Que bastos, eh! Ayaw na ayaw kasi niyang may nakikitingin sa laptop niya lalo na kapag nakikipag-chat siya. It's her privacy.

She counted from one to three bago biglang humarap sa kung sinuman iyon.

“Huli ka—”

What she did was a wrong move. Well, hindi naman talaga mali ang naisip niyang gulatin ang nakikitingin. Ang mali lang niya ay hindi niya muna inalam ang distansya nito... or at least, ang layo ng mukha nito sa kanya.

Dahil ang nangyari, by accident, nahalican niya ang lalaking usyosero!

Napamura niya sa isip. *Bakit ganito—*

On the Seventh Day of May - Red Raselom

Ruby smelled and inhaled his breath. She figured it was gross, but on second thought, his mint-scented breath was rather intoxicating, let alone tasted delicious that even Chef Boy Logro's infamous recipes would be no match.

It was such a high! A sudden peace and serenity filled her soul. Or maybe she was just imagining it? Ewan, wala siyang paki. All she knew was there was a voice in her head hoping this scene would never end as it might not happen ever again...

“Porn! Porn!” narinig niyang sigaw ni MJ na hindi niya namalayang nanonood pala sa kanila.

Realization stuck her. Itinulak niya ang poging usyosero.

Shit! Pinunasan niya ang labi na para bang may dumi iyon. *I didn't kiss him, I didn't! I swear! Oh, my gosh!*

“Ruby...”

Natigilan siya at napalunok. *Please... please... hindi siya, di ba?*

Pero kahit hindi niya tingnan kung sino iyon, alam niya kung sino ang nahalikan niya.

Her friend.

Her crush.

Ang look-alike ng ultimate celebrity crush niya.

It was none other than Kenneth Cristobal.

He was there right in front of her; dashing and handsome and smiling so sweetly, as if ready to sing to her the most romantic love song ever written.

She wanted to hug him so tightly and feel the warmth of his body... *But, wait a minute!* naisip niya. *He might think I'm that easy to get! Hah! No way! Pagdusahan muna niyang ligawan ako!*

Besides, bakit nga ba niya iyon gagawin? Nahalikan na nga siya, sabay parang tuwang-tuwa pa siya?

“Sorry, Ruby!” agad na sabi ni Kenneth, bagaman nakangiti at tila inaasar pa siya. “Huwag kang mag-alala, wala lang sa akin ‘yun. Hindi ko bibigyan ng malisya. Aksidente lang iyon—”

“Tse!”

She quickly grabbed her laptop, and feigning anger, darted away, leaving him disappointed, scratching his head. MJ, on the other hand, blurted out laughing, his whole frame shaking. Ganoon din ang kakambal nito, si Josel at si Michelle, na hindi

On the Seventh Day of May - Red Raselom

napansin ni Ruby na nandoon din pala.

Habang paakyat si Ruby sa hagdanan patungong second floor, grabe ang pamumula ng mukha niya. *Shit! Nakakahiya talaga! Huhuhu! Hindi na virgin 'yung lips ko!*

But then, it was Kenneth who *devirginized* her lips. Ang lambot pa naman ng labi nito. Not bad. Not bad.

“Tse!” hindi niya namalayang irit niya. Saktong may isang professor na pababa ng hagdanan. Napatingin ito sa kanya. Tuloy, lalo siyang nahiya.

Kulang na lang ay humiling siya na sana ay mag-disappear na lang siya.

2

Hanggang kinabukasan ay hindi pa rin makalimutan ni Ruby ang nangyari. Tuloy, para siyang ninja habang pababa ng hagdanan, checking whether Kenneth or even the de Jesus twins were around. Malakas kasing mang-asar ang mga ito.

Nabatukan tuloy siya ni Josel na kasabay din niyang bumaba. Kasama rin nila si Michelle na tatawa-tawa at nasa kabilang side niya.

“Aray!” reklamo niya. “Ang brain cells ko! Binawasan mo na naman ng fifty-two!”

“Para kang tanga d’yan, duh.” Napaikot pa ito ng mga mata.

Samantala, hindi na napigilan ni Michelle na mag-comment. “Kalma lang, Ruby, okay? Kung iniisip mo ‘yung nangyari kahapon, huwag mo nang isipin iyon.”

Pasasalamatan na sana niya ito sa pag-comfort kung hindi lang nito dinagdagan ng, “Kumalat na iyon at naging scandal nang wala sa oras kaya kung ako sa iyo ay chill ka na lang. Walk with confidence and ignore the haters and just say, ‘Bitch please, I’m

fabulous!.' ” Ngumisi pa ito.

Si Josel ay humirit din. “Right ka d’yan, friend. Kung ako sa iyo, gayahin mo na lang si Chito Miranda na walang pake sa mga haters niya noong kumalat ang scandal niya.”

“Tse!” Padabog siyang naglakad pababa. “Nakakairita kayo, ay! Pwede bang huwag na ninyong ulitin ang tungkol doon. Nakakaloka kayo, promise.”

Sabay na natawa ang dalawa at nag-high-five pa.

“Eh, kasi naman para kang aning,” sabi ni Michelle. “Di ba sabi naman sa iyo ni Kenneth, sorry daw saka wala lang sa kanya ‘yung nangyari? Hindi niya bibigyan ng malisya?”

Kaya ko nga siya iniawasan, eh! Kasi para bang wala lang sa kanya ‘yung na-kiss niya ako nang wala sa oras! gusto sana niyang isumbat kaso pinili niyang huwag na lang at minabuti niyang pumasok sa canteen para um-order ng almusal.

Was she overacting? Maybe, pero hindi siya masisisi. After all, kahit medyo flirt din siya kung tutuusin, naniniwala siyang ang first kiss ay parang virginity—ibinibigay lang sa taong handa mong mahalín at handa ka ring ibigin habambuhay. Iyon ang laging pangaral sa kanya ng kanyang yumaong

Lola Cion.

Anyway, may pancake sa canteen nang araw na iyon. Dahil first time iyon, nakaramdam ng excitement si Ruby. Iyon nga lang, agad ding natabunan ng disappointment nang malamang dalawang piraso lang pala kada order.

Fifty pesos na ba ito? Napaikot siya ng mga mata. *Hay naku! Kaya ayokong prepaid ‘yung meal, eh.* Kasama kasi sa bill ng dormitory ang pagkain nila. Bale 150 pesos per day iyon, excluding the snacks, kaya umaabot ng P 3,000 kada buwan. Mahal iyon at kaya nga siya nagrereklamo.

As usual, pinili nilang pumwesto sa harap ng TV.

“Ano ba iyan? Hindi naman masarap ‘yung syrup, eh,” muli niyang reklamo nang tikman ang pancake. Strawberry ang flavor na nilagay. She likes strawberry, though, hindi lang talaga masarap ang nabiling syrup ng canteen.

“S’abi ko sa ‘yo, eh. Kaya nga hindi ko pinalagyan ‘yung akin.” Tuwang-tuwa pa si Michelle. Halatang enjoy ito sa pagkain.

“Kaasar! Ang mahal pa,” patuloy niyang reklamo. “Mabuti sana kung authentic *Canadian Maple Syrup* ang nilagay para talagang super delicious at super

sulit ‘yung binabayad natin, ‘no! Tsk!’”

Samantala, walang comment si Josel dahil HamSiLog ang in-order nito. Hindi ito mahilig sa pancake saka mas sanay itong heavy ang almusal habang light naman ang dinner. Healthy eating habit daw, wika nga.

Biglang may nagtulak sa screen door at pumasok si Kenneth kasunod ang kambal. Immediately, Ruby’s heart... beat faster.

Ha? She thought her reaction was weird. It felt like she was glad that Kenneth was finally there, and she was excited to talk to him. It was odd dahil iniwasan nga niya ito.

Gusto niyang umalis, but before she even realized it, he had already taken the seat beside her. *Ang bilis naman!*

“Morning, Ruby,” bati nito sa kanya habang kinukusot ang mata. “Kumusta ang tulog?”

“Nang-aasar ka ba o what?” inis niyang turan.

“Ha?” nagtataka nitong tanong. Then, immediately, it dawned on him. “Ay, p*ta! Hindi kita inaasar, Ruby. Kinukumusta lang kita.”

Her eyes squinted.

On the Seventh Day of May - Red Raselom

“Promise!” Itinaas ni Kenneth ang kanang kamay nito. “Kung iniisip mong akala ko, napanaginipan mo ‘yung nahalikan—”

“TSE!” malakas niyang sigaw. Her voice echoed inside the canteen. Good thing, silang anim lang ang naroon, bukod pa sa mga canteen personnel. Otherwise, paniguradong pinagtinginan na sila. Kung sa bagay, wala rin silang pakialam kung minsan, lalo na kung nagkakatuwaang magkwentuhan.

Napakamot ng ulo si Kenneth. “Ruby naman. Pwedeng kalimutan na lang natin ang tungkol doon? Hindi natin sinasadya, eh.”

“Oo nga, Ruby,” singit ni MJ na umupo sa harap ni Michelle. Nasa tabi naman ni Josel ang kakambal nito. “Ang OA mo na.”

“Oo nga!” the remaining three said in chorus.

“Tingnan mo? Kahit sila ay agree,” Kenneth said once again.

Her face turned red. “Tse! Oo na po!” Tumayo siya saka kinuha ang plato.

He stopped her. “Uy, saan ka pupunta?” He was looking at her plate.

“Tapos na akong kumain.”

On the Seventh Day of May - Red Raselom

“Ha? Ni hindi mo pa nga halos nagagalaw ‘yung pagkain mo. Hindi pwede iyan.” Hinila siya nito at pinaupo ulit. “Ubusin mo iyan. Dapat laging kumakain ng breakfast lalo ka na. Bugbugan pa naman ang sched mo lagi.”

Totoo ang sinabi nito. Katunayan, tuwing Wednesday nga ay tuluy-tuloy na 8 a.m. to 5 p.m. ang klase ni Ruby at wala iyong break. Pulos laboratory class iyon.

“Hindi masarap, eh. Wala akong ganang kumain. Tikman mo kaya! Kadiri ‘yung syrup, made in China yata. Malay ko kung ano ang inilagay na hard to pronounce ingredients diyan.”

Napakamot ng ulo si Kenneth pagkatapos ay bumuntong-hininga. “Sige, palit na lang tayo. Tatal, wala namang syrup ‘yung akin saka hindi ko pa nagagalaw iyan.” Pinagpalit nito ang plato nila.

“Yiie, sweet!” hirit ni Josel. “Meant to be talaga kayo.”

Pinandilatan ito ni Ruby. “Josel, shut up.”

“*Oui, madame. Je fermerai ma bouche.*” Hinugot nito ang ilang phrases na natutuhan sa French phrase book na binigay ng best friend nito saka ipinagpatuloy nito ang pagkain.

On the Seventh Day of May - Red Raselom

Muli siyang hinarap ni Kenneth. Pansin niyang kakaiba ang ngiti nito.

“Kain ka na, Ruby. Nagpalit na tayo. Wala ka nang reason para tumanggi, ha?” sabi nito saka sinimulang kainin ang pancake.

Ilang ulit siyang napakurap. Iyong nagbago ang ugali ni Kenneth, sigurado siya roon. His new personality, and it reminded her of something... or maybe, someone? Ewan. Basta, may naaalala talaga siya sa bagong Kenneth.

Napakamot siya ng ulo. *Imagination ko lang siguro ito.*

Tapos nang kumain ang barkada at paakyat na sila noon sa second floor para bumalik sa kani-kanilang mga kwarto sa dormitory.

Tinabihan ni Kenneth si Ruby saka siniko. “Uy.”

“What?” medyo iritadong sambit ng babae.

Ilang ulit siyang napakurap. “Galit ka pa rin ba d’un sa nangyari kahapon?”

“Tingin mo?”

Bumuntong-hininga siya. “Ruby naman. Sorry

na.” He sounded like a lost puppy and it was unintentional. Kusa lang naging ganoon ang tono niya dahil hindi niya gustong magalit si Ruby sa kanya. “Hindi ko naman sinasadya iyon. Gugulatin sana kita dapat kung hindi ka lang biglang humarap—”

“So kasalanan ko pa, ganoon?” Inirapan siya ng kausap bago naglakad nang mabilis at tinabihan si Michelle.

Muli siyang bumuntong-hininga. *May PMS na naman siguro si Ruby kaya mainit ang ulo.*

Natigilan siya nang mapansin ang shorts ni Ruby. *‘Tang-ina! Buti pala itim ang suot niya. Binilisan niya ang lakad, sabay niyakap ito patalikod.*

“Ano ba—”

Tinakpan niya ang bibig nito. “Shh... Huwag kang maingay.” Inilapit niya ang bibig sa tenga nito. “May back leak ka.”

Ito ngayon ang natigilan. Hinawakan niya ang likuran ng shorts nito saka napalunok.

Biglang napahiyaw ang babae, sabay takbo paakyat hanggang makapasok ito sa girl’s dormitory na nasa east wing ng building.

Nagtaka si Josel. “Anyare kay Sapphire?” Ugali

On the Seventh Day of May - Red Raselom

nito na bigyan ng pet name ang mga kaibigan at *Sapphire* ang napili nitong pangalan para kay Ruby dahil mahilig daw ito sa blue, hence, sapphire dahil iyon ang una nitong naisip na birthstone na kulay asul.

Samantala, mukhang naintindihan kaagad ni Michelle kung bakit ganoon ang reaksyon ng kaibigan. “S’abi na, eh. Kanina ko pa napapansing mainit ang ulo niya. PMS na naman.” Umiling-iling ito. Dahil sa sobrang close nito sa kaibigan, halos kabisado na nito ang cycle ni Ruby. “May tampon kaya iyon?”

“Ano? Tamod?” hirit ni RJ, sabay ngisi.

Binatukan tuloy ito ni MJ. “Gago! Huwag mo ngang ipangalandakan dito ang kalibugan mo. Alam nang may babae, eh.”

Tinadyakan ito ni Josel. Napaaringking sa sakit si RJ. “Isa ka pa! ‘Yang bunganga mong napakabastos, kailangan na talagang spray-an ng antiseptic para luminis!”

At tuluyang nag-away ang tatlo kaya nagkatinginan sina Kenneth at Michelle bago nagdesisyong iwan na ang mga ito.

Nang makarating sila sa second floor, saglit silang nag-usap.

On the Seventh Day of May - Red Raselom

“Kumusta na kayo ni Dylan?” tanong niya sa kaibigan. “Stable na ba ang relasyon n’yo?”

Nagkibit-balikat si Michelle. “Sa totoo lang, kahit ako, hindi ko alam kung kami ba talaga. I mean, you see, bago siya umalis ng bansa, naging kami for one day ‘tapos break agad.”

Tumangu-tango siya. “Pero mahal n’yo pa rin ang isa’t isa?”

“Oo, kaso ayaw ko kasi ng long-distance relationship, eh. I guess ganoon din siya. Kaya ang napagkasunduan namin, pagbalik niya dito sa ‘Pinas, pag-usapan naming dalawa at i-check kung pwede pa kami sa isa’t isa.”

Michelle sounded so melancholic, he could feel it. Maging siya tuloy ay hindi naiwasang ma-frustrate sa nangyari.

The more you hate, the more you love, ganoon ang konsepto ng kwento ng dalawa. Dylan was a transferee student from *Far Eastern University*. Una itong nakatagpo ni Michelle sa acquaintance party noong nakaraang semester. Doon ito na-‘crush at first sight’ dahil gwapo ang binata at sobrang lakas ng dating.

Iyon nga lang, laking disappointment ng dalaga

On the Seventh Day of May - Red Raselom

nang hindi ito nakilala ni Dylan. Matindi pa, nasabihan itong parang bakla dahil flat-chested. Kinumpara pa nga sa washboard abs, sabay tinawanan nang sobra. Tuloy, ang init ng dugo ni Michelle dito.

That annoyance soon turned to intimacy once again. However, it was too late when they realized it dahil magma-migrate si Dylan sa Italy upang makasama ang mama nito. Iyon, isang araw lang naging sila.

Mahinang tinapik ni Kenneth ang balikat ng kaibigan. “Don’t worry, Mich, panigurado namang magwo-work ang relasyon n’yong dalawa. Maniwala ka lang.”

Michelle smiled faintly. “Oo, sana nga.” Bumuntong-hininga ito saka muling ngumiti. This time, matamis na iyon. “Saka mas mainam na huwag akong mag-isip ng negative tungkol sa amin ni Dylan. Aba, hindi ko talaga dapat pina-prioritize ang love life! Hello, kaya nga ako nandito sa *Letran* na pagkamahal-mahal ng tuition, kailangan at gusto kong matuto for the sake of my future career.”

Napangiti ang lalaki. Gustong-gusto talaga niya ang pagiging positive thinker at pagiging responsableng estudyante ni Michelle. Hindi na siya magtataka kung maipasa nito ang CPA board exams

On the Seventh Day of May - Red Raselom

sa unang subok pa lang at makahanap din kaagad ng trabaho pagka-graduate.

Nagpaalam na sila sa isa't isa. Bumalik siya sa kwarto nila ng kambal.

“Ang tagal naman ng dalawang iyon. Hindi na natapos?” bulong ni Kenneth sa sarili saka binuksan ang pinto ng silid nila.

Pang-apatan ang kwarto nila; bakante nga lang ang isa. Iyon kasi ang dating kama ni Dylan.

“Nakaka-miss din si Dylan, ha? Wala na kasing manlilibre sa akin ng merienda.” Tumawa siya. Galante kasi ang kaibigan niyang iyon.

He remembered Michelle's melancholy, kaya napawi ulit ang ngiti niya. He felt sorry for the two. Humiling tuloy siya na sana ay magkatuluyan pa rin ang dalawa sa huli.

“Panigurado namang babalikan ni Dylan si Michelle. Naniniwala akong sila pa rin hanggang huli.”

Lumapit siya sa study table niya at kinuha ang tuwalyang nakasabit sa upuan nang mapansin niya ang stand-up desk calendar na nakapatong sa mesa.

Kinuha niya iyon saka tiningnan ang buwan ng

On the Seventh Day of May - Red Raselom

Mayo. Magkasama ang May at June sa isang page.

“May 7. Sigurado ako, iyon ang date.” Bumuntong-hininga siya. “Magkaroon din kaya kami ng sariling kwento ni Ruby?”

3

Sa PsychLab ang unang klase ni Ruby nang araw na iyon. Dahil maaga siyang pumasok, siya ang unang tao roon.

Habang nakaupo siya sa desk at hinihintay niya ang pagdating ng mga kaklase at ang professor, iniisip niya si Kenneth.

Merong talaga akong naaalala kay Kenneth, promise. Hindi ko lang talaga masabi.

She sighed. She had been trying to figure out what it was while she was having her breakfast earlier. Masyado siyang nahiwagaan sa kanyang naramdaman.

Natural naman sa kanya ang maging thoughtful. Siguro kung si Michelle 'yung hindi makakain ng breakfast, for sure, makikipagpalit din siya rito. Umiling-iling siya. Wah, of course hindi niya gagawin iyon. Hindi niya dapat gawin. Baka magselos si Dylan, bugbugin pa siya pag-uwi dito. Que macho pa naman n'un, wala siyang laban. Hehe.

She placed her right elbow on the desk and rested her chin on the open palm of her hand. *Pero*

On the Seventh Day of May - Red Raselom

ano nga ba kasi ‘yung naaalala ko? Leche, sumasakit na ulo ko! Hindi ko maisip kung ano. Kinamot niya nang marahas ang ulo. “Shucks! Naloloka na ako!”

Sa wakas, dumating na rin ang mga kaklase niya. Syempre, dahil first day of school, hindi mawawala ang kumustahan.

“Ruby!” bungad sa kanya ni Misha. Nakipag-beso-beso pa nga ito. “How are you? Ang ganda talaga ng hair mo kahit kailan, ‘kala mo bagong rebound lagi.” Hinawakan nito ang buhok niyang itim na itim at bagsak na bagsak.

“So, buhok ko lang ang maganda, ganern?” kunwaring nagtatampong turan niya. “Hindi ako maganda?”

“Grabe, ha!” Pabiro siyang inirapan nito. “Wala naman akong sinabi! Although, syempre, mas maganda rin ako.” Ngumisi ito. “Kamukha ko kaya si Nina Dobrev!” Hinawi nito ang bangs, sabay tuck sa likod ng tenga.

Pinandilatan ni Ruby ang kaibigan, saka tiningnan mula ulo hanggang paa. “Wow, ha? Ang layo kaya.”

“Oo kaya! Saka kaboses ko rin si Whitney Houston,” pagyayabang pa ni Misha. Bigla nitong binirit ang *I Will Always Love You* kahit wala sa tono,

strained pagkatapos pumiyok pa. “Di ba?”

Napakamot si Ruby. Alam niya kasi ang ugali ng kaklase—may pagka-feeler ito minsan. Although maganda naman ito, hindi totoong kamukha nito ang nabanggit na Hollywood actress at lalong hindi nito kaboses si Whitney Houston. Baka female version ni William Hung, puwede pa.

“Alam mo, Misha,” tinapik niya ang balikat nito, “hindi ko alam kung nag-jo-joke ka ba o seryoso ka, pero I suggest na huwag mong ipilit ‘yung alam mong hindi sa ‘yo. I mean, maganda ka naman. Bakit kinakailangan mong sabihing magkamukha kayo ni Nina Dobrev kahit singlayo ng planet Pluto ang agwat ninyo? Di ba?”

Hindi naman intensyon ni Ruby na awayin ang kaklase. Sadyang ayaw lang niya sa mga taong hindi pinagtutuunan ng pansin ang pagkakaroon ng self-identity. Every individual is unique, sabi nga ni Karl Jung.

“Oh, huwag mo akong sermunan, leche ka,” sabat ni Misha, sabay halakhak. “Nag-jo-joke lang, eh. Napaka-KJ mo talaga.”

“Ay, *namaste!*” Napa-amen ng kamay si Ruby, na mistulang isang guardian angel. Bagay naman sa

kanya dahil mukha siyang inosente tingnan. “Sorry na. Ayoko lang kasi sa mga taong masyadong trying-hard para gayahin ang ibang tao kahit ba hindi dapat gan’on—”

Bigla siyang napatigil sa pagsasalita. She finally realized the answer that was bothering her about Kenneth. Napatakip siya ng bibig. *Bakit nga ba hindi ko agad na-realize iyon? Bakit hindi ko agad naisip na para palang si Dylan kung umasta si Kenneth? Gosh!*

Malakas na tili ni Josel ang bumungad kay Ruby nang pumasok ito sa kuwarto ng dorm.

“Hindi nga, Mich? Love story ninyo ito ni Dylan?” malakas na sabi nito habang nakatingin sa hawak nitong light green na libro. “Paano nangyaring na-publish ito?”

“Actually, hindi naman published iyan. Hard copy lang talaga iyan.” Hinawi ni Michelle ang buhok saka inipit sa likod ng tenga. “Nalaman ko kasi na ‘yung pinsan ko, eh, marunong mag-bookbind. Iyon, napag-tripan kong gawan ng kwento ‘yung love story namin ni Dylan. Para sweet, di ba?”

“Ikaw na!” kinikilig na saad ni Josel saka binuklat ang libro.

On the Seventh Day of May - Red Raselom

Kumunot ang noo ni Ruby saka lumapit sa dalawa. “Ano ‘yan?” Inagaw niya ang libro mula kay Josel.

“Uy, nandito ka na pala,” sabi ni Michelle.

‘Lang’ya, ngayon lang pala ako napansin ng mga ito. She made a grumpy face while looking at the cover of the book. Gawa lang iyon sa stiff cardboard na binalutan ng light green construction paper. Nang buklatin niya ang first page, nabasa niya ang: *“I have seven reasons to love you. Would you love me back after this?”* written in cursive type.

“Kwento n’yong dalawa ito?” tanong niya ulit. Iyon kasi ang narinig niya kanina.

“Ay hindi!” pamimilosopo ni Michelle, mimicking Vice Ganda’s facial expression. “Kakasabi ko lang kanina, di ba?”

“Sorry, ha?” Binuklat ni Ruby ang libro at mabilis na in-scan ang unang kabanata. “Aba, taray. Special mention pa nga ako! Kinilig naman daw aketch.”

“Well, dapat lang. After all, college diary ko iyan kaya nand’yan kayong pito.”

“Taray. Ikaw ang nagsulat?”

“Yup. Feeling writer nga ako d’yan, eh, kahit

On the Seventh Day of May - Red Raselom

maraming grammatical errors saka typos, meron din.”
Tumawa si Michelle.

“Eh, di wow! May nabibili bang ganito sa book store?” saad niya.

Naningkit ang mga mata ni Michelle. “Malamang, wala, di ba? Hello, pina-bookbind ko lang kaya iyan.”

“Oh, sorry ulit,” Ruby said apologetically. She never intended to speak in a facetious manner, though. Hindi rin kasi natural sa kanya ang maging sarcastic, pero hindi niya mapigilan ang sarili na maging ganoon dahil mayroon nga siyang period nang araw na iyon. Madali kasi siyang mairita.

“Ay, ewan.” Tumayo si Michelle bago pinihit ang monoblock paharap sa desk nito bago umupo ulit. “Basahin mo na lang kaya. Saktong-sakto ‘yung pagkakasulat ko d’yan. ‘Yung events. ‘Yung itsura namin. ‘Yung feelings. Pati ugali n’yo, lalo na kay Dylan.”

Ugali ni Dylan? Speaking of which... Bigla niyang naalala ang na-realize kanina. *Parang si Dylan kung umasta si Kenneth. ‘Yung pagiging sweet niya ‘tapos ‘yung kakaibang ngiti. ‘Tapos, sa Facebook din, ibang level ang kahambugan niya!*

Lumapit siya sa kanyang study table at sinimulan

On the Seventh Day of May - Red Raselom

niyang basahin ang libro. Ni hindi na niya naisip pang magpalit man lang ng damit. Her assumption so absorbed her that she badly wanted to prove it as early as possible by reading that book....

Meanwhile, kasalukuyang gumagamit ng internet si Kenneth nang makatanggap siya ng mensahe mula kay Dylan.

“P’re, si Mich? Nand’yan ba siya?”

“Nasa kwarto pa yata siya. Ewan ko lang.”
Nagkibit-balikat pa siya.

“Patawag naman sa kanya, o. Usap ‘ika mo kami,”
sabi ni Dylan.

“Sure.”

Tinawag niya ang guard at ipinatawag si Michelle. “Pakisabi po na hinahanap po siya ni Dylan,” dugtong pa niya.

Agad namang tumalima ang guwardya.

Habang hinihintay ang kaibigan, nag-usap muna sila ni Dylan.

On the Seventh Day of May - Red Raselom

Dylan: Nga pala, p're, may napansin ako sa 'yo.

Kenneth: Ano naman 'yun?

Dylan: Bakit parang ang lakas yata ng trip mo nitong mga nakakaraang araw?

Kenneth: What do you mean?

Dylan: Naks, nag-English! XD. Seryoso na, ha, lagi mo kasing pinagtitripan si Ruby. Sto notandolo appena.

Kenneth: Naks, nagsasalita ka na ng Italyano diyan, ha? Ano ba ang ibig sabhin sabihin n'un?

Dylan: "Napansin ko lang." Haha. Syempre, dapat matutunan ko ang Italian language dahil hindi lahat ng mga Italian ay marunong mag-English.

Dylan: Kahit kaya sina MJ, napapansin iyon. Balita ko nga, noong birthday ni Mich, lakas mo raw mang-asar sa kanya. Hindi ka naman mapang-asar, ah. Mamma mia, ano'ng nangyari sa iyo? Haha.

Sandaling natahimik si Kenneth. Totoo ang sinabi

On the Seventh Day of May - Red Raselom

ni Dylan. Hindi talaga natural sa kanya ang maging ganoon ka-hyper. May pagka-reserved kasi siyang tao, at sinabi nga ni Josel sa kanya, siya raw ang nag-iisang mature kung kumilos sa barkada. *Ginoo tuloy ang naging petname niya mula rito.*

Kaya lang, hindi rin niya mapigilan ang sarili. After all, he had seen it himself... he had seen how Michelle fell for Dylan. Sa ganoong paraan nagsimula ang dalawa at umaasa siyang mangyayari rin sa kanila ito ni Ruby.

That's it. The truth had been spoken. He was in love with Ruby and he realized it on *that* seventh day of May.

He sighed. Then, he typed his reply to Dylan. *"Tatawanan mo ba ako kung sabihin ko sa iyong sinusubukan kong gayahin kayo ni Michelle?"*

He was seenzoned. Marahil ay nagulat si Dylan sa sinabi niya at hindi nito alam ang sasabihin.

He sighed once again. *"P're, mahal ko si Ruby kaya ko siya pinagtitripan. Baka sakaling magustuhan din niya ako. Di ba d'yan din kayo nagsimula ni Michelle?"*

There was a long pause before Dylan answered, *"Pero bakit mo naman ginagaya 'yung sa amin ni*

On the Seventh Day of May - Red Raselom

Michelle? Saka di ba may gusto naman sa iyo si Ruby? Bakit hindi ka na lang umamin sa kanya at magpaalam na manligaw? Bakit pahihirapan mo pa ang sarili mo?"

Bull's-eye! Tinamaan siya roon. Bakit nga ba kinakailangan pang gawin ni Kenneth na komplikado ang lahat?

For the third time, he heaved a sigh. Of course he had a reason why and it's...

"Similar kasi tayong dalawa. May past na kami noon ni Ruby, pero hindi namin alam iyon," sagot niya. *"Kaya ko nga kayo ginagaya. Baka sakaling mas madali siyang mahulog sa akin. Kumbaga, playing safe."*

"ANO?!" Dylan replied, every letter was capitalized. *"Paanong may past na kayo at komplikado rin?"*

To be honest, Kenneth didn't want to talk about that. No, not now. Kaya laking pasasalamat niya nang dumating na si Michelle, bitbit ang laptop nito.

"Nandito na pala si Michelle, p're. Bigay ko na sa kanya 'yung cable ko, ha?" muli niyang tugon sa kaibigan saka hinugot ang cable ng internet sa laptop niya at ibinigay iyon kay Michelle.

Sorry, Dylan, pero hindi ko pa rin kasi kayang

On the Seventh Day of May - Red Raselom

sabihin sa iyo ang tungkol doon, eh. Masyadong personal. Actually, kahit sino sa mga kaibigan ko, hindi ko pinagsabihan nito, naisip niya habang pababa siya. Siguro ito rin ang dahilan kung bakit s'abi n'yo ay mature ako kumilos saka tahimik din—

Bigla siyang nabuwal. Mabuti na lamang ay nakahawak siya kaagad sa railings.

“Shit! Bigla na naman akong nahilo,” sabi niya sa sarili habang minamasahe ang sentido. Kumurap-kurap siya. “Mukhang kailangan ko na yatang magsalamin. Dumadalas na, ah.”

Nang maginhawaan, muling umakyat si Kenneth at bumalik sa kwarto niya para makapagpahinga.

4

Pagkatapos ng dalawang oras, natapos nang basahin ni Ruby ang libro. Ngingiti-ngiti pa nga siya habang ini-imagine ang ending.

“Gosh, kinikilig ako!” bulong niya sa sarili. “Ang ganda ng kwento. May ilan nga lang na binago pero saktong-sakto talaga sa nangyari.”

Pero sa kabila ng kilig, napawi ang ngiti niya. Tama talaga ang hinala niya. Para nga talagang si Dylan si Kenneth, mula sa kilos nito at paraan ng pang-aasar sa kanya ay ganoon na ganoon.

Pero bakit naman kaya siya biglang nagbago? She tried to think of other possibilities at isa lang ang naisip niyang may sense. Hindi kaya nagpapapansin siya sa akin?!

Tinapik niya ang magkabilang pisngi. “No way. No way. No way.” Bigla siyang tumayo. Lumikha tuloy ng ingay ang upuan niya. “Grabe, naloloka na ako!”

“Halata nga, Ruby,” komento ni Josel na nabulabog ang pagbabasa dahil sa bigla niyang pag-iingay. “Bigla ka na lang kasing nagsalita d’yan na parang may kumakausap sa iyo. Bruhang ito.”

On the Seventh Day of May - Red Raselom

Samantala, dedma lamang si Michelle sa kanila dahil busy ito sa pag-aaral ng leksyon sa Accounting. Focused ito. Kahit kailan talaga ay napakasipag nitong mag-aral. Mataas kasi ang pangarap nito, palibhasa'y mag-isang pinalaki ng mama nito dahil nga namatay ang papa nito noong bata pa lamang si Michelle.

Si Josel naman ay lumaking hindi kasama ang ina nito. Nagtatrabaho kasi ang huli bilang nurse sa Canada simula pa noong bata ito. Bale papa nito ang kasama nitong lumaki. Allowed naman ang mag-ama na mag-migrate sa Canada dahil sa *Family unification trust* ng Canadian Government, kaso lang masyadong nationalistic ang papa nito kaya ayaw nitong lumipat sa Canada. Immigrant ang mama ni Josel doon, pero hindi nag-elect ng citizenship dahil ayaw nitong suwayin ang kagustuhan ng asawa nito.

Samantala, ang ama ni Michelle ay isa ring Canadian na maagang namatay sa vehicular accident. Tuloy, ang mama na lang nito ang nagtataguyod sa pamilya.

Speaking of family, si Ruby talaga ang pinakaswerte sa kanilang tatlo. Lumaki kasi siyang buo ang pamilya.

Her family consisted of a brood of six. Parehong doktor ang mga parents niya. Ang kuya naman niya

On the Seventh Day of May - Red Raselom

ay engineer na't may sariling na ring pamilya. Ganoon din ang ate niya. Samantala, kaka-graduate pa lang ng diko niya sa kursong Marine Engineering. Nag-aral ito sa *MAAP*. Bale siya na lang ang pinag-aaral sa kanilang magkakapatid.

“Ewan ko sa ‘yo!” tugon ni Ruby kay Josel. “Hindi naman kasi kinakausap, sasabat.”

Hindi na umimik si Josel at ipinagpatuloy na lamang nito ang pagbabasa.

Dahil walang ginagawa, nagdesisyon siya na iwan muna ang dalawa at tumambay sa labas ng dorm at magpahangin.

A chilly night breeze greeted her as she stepped out of the building. She looked at the sky. A pale moon was partly hidden behind a thick cloud. Parang ang sarap tuloy mag-senti.

Kailan kaya darating ang love life ko? Hindi niya alam kung saan niya nakuha iyon. After all, she didn't often think about having a boyfriend. Mas pinagtutuunan kasi niya ng pansin ang magiging career niya sa hinaharap kaya hanggang pagkakaroon lang talaga siya ng crush.

S'abi nila, magiging matandang dalaga raw ako dahil sa attitude ko. Totoo kaya iyon? Somehow,

On the Seventh Day of May - Red Raselom

natakot din siya. Although, hindi iyon ang priority na nakatanim sa utak niya, pangarap din niyang bumuo ng sariling pamilya. Gusto niyang magkaroon ng cute at talented na anak, at sobrang mapagmahal na asawa.

Nyeh! Asawa at anak talaga? Agad-agad?

Suddenly, the wind blew harder and colder, chilling her. Niyapos niya ang sarili para labanan ang ginaw.

“Ang lamig, ano?”

Kilalang-kilala niya ang tinig na iyon—si Kenneth ang nagsalita. She suddenly felt so happy hearing his voice.

Nang lingunin niya ito, nakatingin ito sa buwan. Bigla niyang naalala ang naisip kanina. *Posible kayang may gusto siya sa akin kaya siya nagpapapansin?* She mentally shook her head. *Tse! Hindi iyon ganoon.*

“Oo nga, eh. Pa-hug naman.” Hindi na niya hinantay si Kenneth na payagan siya. Basta na lang niyakap niya ito, at umakbay naman sa kanya ang binata.

Sa lahat ng mga kaibigan niya, dalawa ang masasabi niyang best friend—si Michelle at si Kenneth. Mas close siya sa huli dahil ito ang madalas niyang takbuhan sa tuwing may problema siya.

On the Seventh Day of May - Red Raselom

Silence prevailed for sometime.

She sighed. As a Psychology student, she knew there was something wrong with Kenneth, but she could not tell what it was dahil wala naman siyang kakayahang magbasa ng isip ng ibang tao. Tuloy, naiilang siya minsan.

Tama na nga. Kung anu-ano na ang pinag-iisip ko!

Five minutes later, binasag ni Kenneth ang katahimikan sa isang buntong-hininga.

“Malalim iyon, ah. Pasan mo ba ang daigdig?” biro niya, hoping na kahit paano ay mababawasan ang awkwardness sa pagitan nilang dalawa.

But things didn’t turn out the way she wanted it to be. Aba, lalong naging awkward dahil mas naging seryoso si Kenneth!

“Ruby, busy ka ba?” tanong nito with a serious tone. Ewan niya kung bakit. “I mean, may gagawin ka ba?”

As far as she remembered, wala siyang assignment o quiz bukas kaya umiling siya. “Why?”

“Pwede ba tayong mag-usap? ‘Yung tayong dalawa lang?”

Kumurap-kurap siya. *Okay, what’s with the tone?*

“Sure. Saan ba?”

Sandali itong nag-isip. “Sa gymbahan sana, kung pwede?”

Gymbahan. Sa mga Letranista, ito ang tawag nila sa gymnasium.

“Sigurado ka?” gulat na saad niya. Hindi naman kalayuan ang gymnasium sa dormitory nila, pero madilim na kasi. Isa pa, 7:30 p.m. na ng gabi nang sandaling iyon. Lampas na sa curfew nilang 6:30 p.m.

“Saan mo ba gusto?”

“Hmm... dito ba hindi pwede?”

Agad itong umiling. “Please, kahit saan basta huwag lang dito!” Medyo napalakas ang pagkakasabi nito.

Natawa tuloy siya. “Sige, sa girl’s dormitory na lang. S’abi mo, kahit saan, eh.”

“Ruby, seryoso ako,” he said emphatically.

She sighed. *Oo nga, s’abi ko nga.* “Sa kubo na lang siguro?” Nakapwesto iyon malapit sa shortcut papunta sa dorm nila kaya malapit lang.

Sandaling nag-isip ang lalaki. “Sige, doon na lang.”

On the Seventh Day of May - Red Raselom

Naglakad na sila papunta roon. Nauna itong umakyat sa kubo bago nito inilahad ang kamay upang tulungan siyang umakyat.

“Thanks,” halos pabulong na sabi ni Ruby dahil sa paghanga niya sa gentlemanliness na ipinakita sa kanya ng binata. “What’s on your mind, Ken?” aniya matapos nitong buksan ang ilaw. Lumapit siya sa duyan at umupo roon.

Sinundan siya ng tingin ni Kenneth. Nanatili lang itong nakatayo, wala itong uupuan. Walang dingding ang kubo; tanging bubong, haligi at kisame lang. Wala ring upuan liban sa duyang inupuan niya o, kung hindi ka naman maarte, sa sahig.

“Teka lang,” he hesitated, “hindi ko kasi alam kung paano ito sisimulan, eh.”

She puckered her lips. *Tingnan mo itong lokong ito. May sasabihin daw sa aking seryoso, pero hindi naman alam kung paano sisimulan. Aba, matindi! Umbagan ko ito, eh.*

“Ano kasi, Ruby..” he said earnestly. “Matagal na rin tayong magkaibigan, di ba? Lampas dalawang taon na rin.”

“Oo nga, ano?” pagsang-ayon niya. “Ang tagal na pala nating magkakilala.”

On the Seventh Day of May - Red Raselom

Bagaman unang beses niyang nasilayan si Kenneth noong sabay silang kumuha ng entrance exam sa college, naging kaibigan lang niya ito dalawang linggo matapos magsimula ang klase noong first year pa lang siya. It was all thanks to Josel and MJ na parehong Engineering students. Dahil sa dalawa, nabuo ang barkadahan nila.

Naalala pa nga niya ang unang reaction niya nang makipag-handshake si Kenneth sa kanya. Pulampula talaga ang mukha niya. Weakness pa naman niya ay ang pagtatago ng feelings. It was a good thing that Kenneth didn't mind it at all kahit ba pinutakte sila ng tukso. Crush lang naman daw kasi at walang masama roon, sinabi pa nito.

“Oo nga. Ang bilis ng panahon,” muling sabi ni Kenneth na pumutol sa pag-iisip niya. “Ang bilis talaga na tipong hindi ko namalayan na may nagbago pala.”

Kumunot-noo siya. “Ano’ng nagbago? Meron ba?”

Hindi umimik ang binata.

Naramdaman ni Ruby na may lamok na dumapo sa braso niya. Binugaw niya iyon. “Kenneth, ano ba kasi iyong sasabihin mo? Malamok dito.”

“Ano kasi... uhm...” Napakamot ito ng batok.

On the Seventh Day of May - Red Raselom

At nagsimula na siyang makaramdam ng inis. “Oy, bilisan mo naman!” Naramdaman ulit niyang may lamok na dumapo sa braso niya kaya agad niyang hinampas iyon para mamatay. “Nakabuntis ka ba? Magta-transfer ka rin ba tulad ni Dylan? In love ka ba sa akin? Ano?” *Pesteng lamok! Ayaw akong tantanan!*

Natigilan si Kenneth saka bumuntong-hininga. “Oo, iyon nga.”

Siya naman ngayon ang natigilan. “Ha? Inaamin mong ikaw ang lamok?”

“Hindi. Ikaw talaga, puro biro. ‘Y-yung huli mong sinabi. Iyon ‘yung sasabihin ko.” Nagbaba ito ng tingin na tila ba nahihiya.

‘Yung huli? Ano ba ‘yung huli kong sinabi? Hindi kasi siya attentive sa mga pinagsasabi niya dahil mas nakatuon ang kanyang atensyon sa mga lamok. Nakabuntis... Magta-transfer... Natigilan siya saka kumunot ang noo. “In love ka sa ‘kin?”

Napalunok ito at napaiwas ng tingin.

“Huy! Tinatanong kita!” Mahina niyang tinampal ang braso ng kausap.

Muli, bumuntong-hininga ito. “Oo. Mahal kita,

On the Seventh Day of May - Red Raselom

Ruby...” Halata sa boses nitong nahihya ito. “Medyo matagal ko na rin itong itinatago.”

At napamaang na lamang siya. Si Kenneth? Mahal siya?

What the heck!

Sunud-sunod ang ginawang paglunok ni Kenneth. Ito na, umamin na siya kay Ruby.

Shit, kinakabahan na talaga ako.

Sa totoo lang, noong bumalik siya sa kwarto niya kanina, napag-isip-isip din niya ang sinabi ni Dylan. Bakit nga ba pilit niyang ginagaya ang kwento ng dalawang kaibigan? Hindi ba mas mainam kung sa ibang paraan mahulog si Ruby sa kanya? Isa pa, hindi naman talaga garantisadong mangyayari nga ang iniisip niya kung idadaan niya sa ganoon.

Tuloy, ito siya at napaamin na.

He examined Ruby’s face. With the dim illumination coming from a 30-watt bulb shining down on them, he saw confusion all over her face. She was wallowing in shock.

Sa ikailang beses ay napalunok ang lalaki. “Ruby,

On the Seventh Day of May - Red Raselom

I know na nakakahiyang aminin...” Bumuntong-hininga siya saka ito muling tinitigan nang mata sa mata. “Wala, eh. Mahal talaga kita. Medyo matagal na rin akong may gusto sa iyo, hindi ko lang sinasabi. Mahirap umamin pero s’abi nga nila, ‘Love always finds its way to express its deepest, purest intention.’”

Napayuko si Ruby, halatang nag-iisip ito.

Lumapit si Kenneth at hinawakan ito sa magkabilang balikat. “Ruby, makinig ka muna sa akin, please?” Hinawakan niya ang baba nito at inangat. He looked so lovingly into her eyes.

She, however, evaded his eyes by looking down instead.

Napabuga na lang siya ng hangin. “Kilala mo ako, di ba? Alam mong hindi ako sira-ulo. Kahit hindi ako nag-aaral nang mabuti, hindi naman ako masamang tao. Hindi kita inibig para saktan lang, maniwala ka sa akin.”

“Alam mo, Ken, alam ko namang mabait ka, eh. Alam ko ring okay ka at pasok ka sa taste ko. Crush kaya kita, remember?”

Bigla siyang nabuhayan ng loob. “Ibig ba niyang sabihin—”

On the Seventh Day of May - Red Raselom

“Papayagan kitang manligaw sa akin?” seryosong salo nito. “Iyon ba ang iniisip mo?”

Napawi ang ngiti niya at nanumbalik ang kaba. Sa biglang pagiging seryoso ni Ruby, hindi niya mapigilang pagpawisan. Talagang masama na ang kutob niya.

“Ruby..”

Tumayo ito. “Sorry, Kenneth, pero...” Bakas sa mukha nitong hindi nito madiretso ang sasabihin. “Alam mo na. Alam mo na siguro ‘yung sasabihin ko...”

Napalunok siya. Ito na nga ba ang ikinakatakot niya. “B-basted ako?”

Dahan-dahang tumango si Ruby saka napaiwas ng tingin. “I’m sorry...” halos pabulong nitong sabi. “Pero hanggang friends lang talaga tayo.”

At tuluyan nang nayanig ang mundo niya. Ruby just rejected him, and he felt his chest being twisted. Ang sakit! Sobrang sakit!

“Pero, Ruby..” Lumapit siya ulit dito at hinawakan ang magkabilang balikat nito. “Di ba may gusto ka naman sa akin? At ngayon ay nililigawan na kita, chance mo na ito. Posibleng maging tayo kapag sinagot mo ako. Lahat ng pantasya mo, tutuparin ko

basta kaya ko. Bakit kailangan mo akong bastedin?”

He sounded very desperate, really, but he could not help it. After all, he was madly in love with her, and he would do anything at any cost para lang makuha ang loob nito.

Ang kaso, hindi nangyari ang gusto niyang mangyari. Sa halip na ma-turn on si Ruby, tila lumayo pa lalo ang loob nito.

Biglang kumunot ang noo nito. For the first time in his life, he saw her face became fierce.

“Ano’ng sabi mo, Kenneth?” Mababakas ang galit sa boses nito. “Lahat ng pantasya ko, tutuparin mo? Ano’ng akala mo, malandi ako?”

Napalunok siya. “Sandali, hindi naman iyon ang ibig kong sabihin. Ang akin lang—”

“Huwag ka nang magpaliwanag!” pabulyaw na saway nito saka tinabig ang mga braso niya. “Narinig ng dalawang tenga ko ang sinabi mo and, to be honest, I find it offensive dahil ang dating ng sinabi mo ay malandi ako.”

“Pero hindi iyon ang ibig kong sabihin.” He tried to remain as calm as possible.

“Pero ganoon pa rin ang naging dating!” Pumiyok

On the Seventh Day of May - Red Raselom

pa si Ruby dahil sa biglang taas ng boses nito. Hindi naman nito iyon ininda. “You didn’t choose your words correctly, Kenneth, at dahil d’yan, nawalan ka lalo ng pag-asa sa akin. Kalimutan mo nang magkaibigan tayo.” Tinalikuran siya nito at walang lingon-likod na umalis.

Kenneth’s gaze followed her. Ruby just rejected him and told him right to his face that she would forget that they were close friends once upon a time.

He suddenly felt weak; his knees jellied. Tuloy, napaluhod siya sa sahig. He hated the feeling of being rejected. It reminded him of his past that he had been trying to quash from his mind: it was the day when he became a Cristobal legally.

Tears welled in his eyes. He cried silently, but his tears flowed like a raging waterfall—until his eyes turned red and smarting. He remained kneeling on the floor, like a soldier who had lost a war, and there was no one to console him.

In the sky, a thick dark cloud slowly crept toward the moon, obfuscating its sheen. Kenneth remained unmoving inside the hut as darkness engulfed him.

5

Matuling lumipas ang araw. Sabado na pala. Ayos sana ang araw na iyon dahil walang kahit anong take-home school works si Ruby. That meant pwede siyang mag-internet lang maghapon.

Ang kaso ay natiyempong walang internet connection. Actually, hindi lang iyon. Wala ring kuryente!

Aburidong-aburido tuloy siya. Siguro ang maipagpapasalamat lang niya ay na-full charge niya ang cell phone bago nawalan ng kuryente at mayroon din siyang perang panggala dahil hindi niya halos nagastos ang allowance nang linggong iyon.

“Jusko, ‘day, November na pero parang summer pa rin!” reklamo niya habang pinapaypayan ang sarili. “Saan kaya ako pwedeng tumambay ngayon?”

Actually, kanina pa niya kinonsiderang magtungo sa mall sa Balanga, pero tinatamad naman siyang maggala mag-isa.

“Text ko kaya si Josel? Tambay muna ako sa kanila?”

On the Seventh Day of May - Red Raselom

Binuksan niya ang message application ng cell phone niya saka pinindot ang ‘compose new message’ icon sa upper-right corner niyon.

Nang i-type niya ang recipient, nagkamali siya ng pindot ng letra. Sa halip na ‘J’ ay ‘K’ ang kanyang napindot. Tuloy, lumitaw ang pangalan ni Kenneth.

Natigilan siya at napawi ang ngiti sa mga labi. Pagkatapos ay bumuntong-hininga siya.

Ever since that ‘dramatic’ confession and rejection happened, nagkailangan na sila ni Kenneth na tipong kapag nagkakasabay sila, nag-iiwasan sila ng tingin. Hindi na rin sila nagkibuan.

She sighed again. She really didn’t mean what she said to Kenneth that night. Sadyang na-offend lang siya sa sinabi nito. Isa na rin siguro sa naging dahilan ay ang pagiging madali niyang mairita dahil sa period niya kaya nasabi niya iyon.

She pressed the backspace to erase her typographical error. Agad namang nawala ang numero ng binata.

Even though she didn’t mean what she said, ayaw rin muna niya itong makausap. Reason? Nakakailang kasi.

On the Seventh Day of May - Red Raselom

May gusto ako sa iyo, Kenneth, pero hindi naman ibig sabihin n'on ay pwedeng maging tayo agad. Babae pa rin ako; gusto ko rin dumaan muna sa ligawan, ganoon. Saka mukhang timang naman 'yung naisip mo. 'May gusto ako sa iyo, mahal mo ako, compatible tayo'. Ay, grabe! himutok niya habang sinusulat ang gustong sabihin kay Josel. Sana lang ay huwag siyang magkamali ng ite-text. Last thing, base rin sa sinabi mo, halatang sinasamantala mo lang ako! Ano 'yun, atat magka-girlfriend? Well, manigas ka d'yan! Nakaka-disappoint ka!

Pinindot niya ang 'send' button. Sa kabutihang-palad ay hindi siya nagkamali ng isinulat.

Hindi nagtagal, nag-reply si Josel. Agad niya iyong binasa at laking pagkadismaya niya nang malamang nasa MOA pala ito nang araw na iyon!

"May gad!" Humiga siya sa kama niya. "Ayokong magtambay dito maghapon at maloloka ako!"

Nag-isip siya kung saan pwedeng pumunta at sumagi sa isip niya ang bahay ni Michelle.

"Oo nga, kina Mich na lang!" Bumangon siya. "Matagal na rin akong hindi nakakapunta ng Mariveles. Makabisita nga muna sa kanila. Sure naman akong walang brownout doon, eh. Malayo

na ‘yun dito.”

Muli niyang pinindot ang ‘compose message’ button sa cell phone. Kaso sa ikalawang pagkakataon ay nagkamali siya ng pindot ng letra. ‘K’ ulit ang napindot niya, sa halip na ‘M’, kaya lumitaw na naman ang pangalan ni Kenneth.

“Anu ba?!” irit niya saka pinindot nang pagkadiindiin ang backspace button. “Binubuwisit mo akong cell phone ka, ha! S’abi nang ayaw ko munang maalala ang lalaking iyon!” Sinabayan pa niya ng panlalaki ng mga mata ang sinabi.

Muli niyang pinindot ang ‘M’ at laking pasasalamat niyang hindi na siya nagkamali.

“Hay, buti naman!” sabi pa niya saka pinindot ang pangalan ni Michelle. Ilang saglit pa’y nag-send na siya ng message.

Siguro tatlong minuto rin siyang naghintay bago ito nag-reply.

Michelle: Bakit mo naman naisip bumisita sa amin, aber?

Ruby: Bakit, bawal ba? Di huwag na.

On the Seventh Day of May - Red Raselom

Michelle: Ang init na naman ng ulo mo -_- Oo na, pumunta ka na dito. Make sure lang na iiwan mo ang PMS mo jan sa bahay n'yo, ha?

Ruby: Oo! Geh, maliligo muna ako.

Binitawan na niya ang cell phone at ipinatong iyon sa tokador niya.

Akmang papasok na siya ng banyo nang muling tumunog ang aparato. Agad niya iyong kinuha. May reply uli si Michelle.

“By the way pala, nasa store ako now. Wala kasi si Mudra, eh. Namakyaw ng paninda,” pagbasa niya sa reply nito. *“Keribelles lang, sus.”*

Hindi na niya sinagot iyon. Pumasok na lamang siya sa banyo para maligo.

Hindi maipaliwanag ni Ruby ang naramdaman nang sandaling iyon. Halu-halo kasi.

Una sa lahat, ang pagkairita dahil mainit. Brownout din pala hanggang sa lugar ni Michelle.

Pangalawa, pagka-bad trip. Paano ay ang lansa sa stall nina Michelle. Kung bakit kasi nakalimutan

On the Seventh Day of May - Red Raselom

niyang pagtitinda ng isda ang pangunahing kabuhayan ng pamilya nito. Tuloy, pinuputakte siya ng langaw.

Lastly, ang pinakamasaklap sa lahat, naroon din si Kenneth!

“Lecheng ito, bakit ba nandito ito?” bulong niya sa sarili habang nakatingin sa lalaki. Tinutulungan nito si Michelle sa pag-aasikaso ng mga customer. “Kung alam ko lang, hindi na sana ako nagpunta dito.”

Naalala niya bigla ang nangyari habang nagtext siya. Naiintindihan na niya kung bakit lagi siyang nagkakamali. Warning na pala iyon sa kanya!

“At ikaw naman linsyak na pagkakataon, ang bobo mo!” Para siyang timang, promise. Sermunan ba naman ang isang bagay na hindi nag-e-exist? “Alam mong ayaw ko siyang makita, bakit kailangan mo kaming paglapitin? Leche ka! Leche! Pang-asar ka yata, eh.”

Sa wakas ay wala na ring mamimili kaya nagawa na ring umupo ni Michelle.

“Ay, grabe! ‘Kapagod talaga kapag ganitong oras. Tuluy-tuloy ang pagdating ng customers,” anito habang naghuhugas ng kamay. Kinuha nito ang isang plastic stool at umupo.

On the Seventh Day of May - Red Raselom

Samantala, nilinis ni Kenneth ang mesa kung saan ito naglinis ng isda.

In fairness, marunong palang maglinis ng isda ang kumag. Bakit hindi ko alam iyon? Kumunot ang noo niya. Eh, ano naman kapag nalaman ko ito? Duh, as if I care.

“Nga pala,” Muli niyang ibinaling ang tingin kay Michelle na nagsalita, “bakit pala kayo napadalaw dito?”

“Bakit? Bawal ba?” reklamo niya. “Kanina mo pa tinatanong iyan, ah!”

Naningkit ang mga mata ni Michelle. “Alam mo, Ruby, sasakalin na kita. Ano ba’ng masama sa pagtatanong, ha?”

“Eh, ba’t ba kasi? Ano ba kasi’ng big deal kapag nandito ako, ha?”

“Ay, ewan ko sa iyo, bruha ka.” Napaikot na lang ito ng mga mata saka ibinaling ang tingin sa kasama nila. “At ikaw naman, Kenneth, pwede bang i-explain mo sa akin kung ano ang isyu ninyo ni Ruby at hindi kayo nagpapansinan recently?”

Natigilan ito at maging siya.

“Ah, eh...” Napakamot siya ng ulo. Ano nga ba

ang sasabihin niya?

Ibinaling niya ang tingin kay Kenneth at nahuli niyang nakatitig ito sa kanya. Agad naman itong napaiwas ng tingin.

Bumuntong-hininga si Michelle. “Hay naku! Hopefully, wala itong kinalaman sa nalalaman ko sa inyong dalawa.”

Sabay na kumunot ang noo nina Ruby at Kenneth. “Ano?” sabay din nilang sabi.

Tumayo si Michelle saka binulungan ang huli. Nanlaki naman ang mga mata nito.

“Paano mo nalaman?” gulat na turan ng binata.

“So, totoo nga?!” Humalakhak ang babae. “Syempre kay Dylan. Umamin ka raw sa kanya, eh.”

“Tang-ina naman, oh!”

Nagsalitan ang tingin ni Ruby sa dalawa. *Okay, so ako na ang na-OP.*

“Umamin ka na ba sa kanya, Kenneth?” muling tanong ni Michelle.

Halatang nag-alangan ang tinanong at, base sa reaksyon nito, alam na niya kung ano ang pinag-usapan ng dalawa.

On the Seventh Day of May - Red Raselom

Tumayo siya. “Ewan ko sa inyong dalawa. Kung pag-uusapan ninyo ‘yung tungkol sa pag-amin ni Kenneth sa akin, aalis na lang ako!” Lumabas siya ng stall.

Pero bago pa man siya nakalayo, may pumigil na sa kanya. It was Michelle.

“Oh, iyan na naman ang init ng ulo mo.” Pinaupo siya nito sa monoblock chair na inupuan niya kanina. “Alam n’yo, mas mainam siguro kung mag-usap muna kayo. Teka, ibibili ko lang kayo ng palamig para lumamig naman ang ulo mo, Ruby. Bantayan n’yo muna itong stall ko, ha?” Bigla itong umalis.

“Wait—Ay, talaga naman!” Napakamot siya ng ulo. Tama bang iwan siya nito nang walang sabi-sabi? Pagkatapos, kasama pa niya si Kenneth. Worse, iniwan pa ni Michelle ang responsibilidad sa kanila! Aba, ano ba ang alam niya sa pagtitinda ng isda? Ni hindi nga niya alam kung anong mga specie ang tinda nito. Tilapia at bangus lang ang alam niya.

She looked at Kenneth. Nahuli niya itong nakatitig sa kanya, bagaman agad na umiwas ng tingin at inabala ang sarili sa pagbubugaw ng langaw sa paninda.

Bumuntong-hininga ang dalaga saka nag-cross

legs.

Awkward moment nga naman. She was alone with the guy na pilit niyang iniwasan. Ang pagkakataon talaga, oo.

May lumapit na customer sa kanila.

“Magkano ang isang kilo ng tilapia?” tanong nito habang nagpipili ng isda.

“Sixty lang po ang kalahati, Ate.” Inabutan ito ni Kenneth ng metal na palanggana. “Pili na po. Sariwa iyan.”

“Ay, siges. Kuha mo nga ako ng mga apat na maliliit.”

“Siges ho.” Tumalima ang lalaki saka tinimbang ang isda. “Iyan ho, pwede na?”

“Ah, siges. Pakilinis na rin, ha?”

“Siges, ho.”

The whole time Kenneth was busy entertaining the customer, Ruby was watching him. She was actually amazed to see him do the job flawlessly as if he had been working in the market for quite some time.

Ang galing naman ni Kenneth, she said admiringly. Attracted pa naman siya sa mga lalaking may mga

On the Seventh Day of May - Red Raselom

kayang gawin na hindi halata sa personality nito.

Sa kaso ng kabarkada, talagang ang hirap isipin na marunong itong magtinda! Aba, ang yaman kaya ng pamilya nito. His family had their own business, the *Cristobal Land*, a real estate company that was established during his father's grandfather's year. Isa na nga iyon sa pinakamalaking real estate company sa bansa.

Actually, noong nalaman niyang mayaman ang pamilya nito, nagtaka siya kung bakit sa Bataan lang ito nag-aral. Bakit hindi na lang sa mga exclusive school sa Maynila?

Sinabi naman ni Kenneth, *“Mas gusto ko dito sa Bataan lang. Tamad akong lumuwas, eh. Saka ayoko sa Manila. Madaming tao. Mas gusto ko sa ganitong school lang. Saka marami ring pasosyal doon, ayoko ng gan'on.”*

He was very down-to-earth, others said, and she thought it was pleasing. Nakadagdag iyon sa pogi points ni Kenneth.

Natigilan siya nang tawagin siya nito.

“Ruby, pwedeng pa-assist?” pakiusap nito, bagaman halatang naiilang pa rin. “Dumadami ang customer, eh.”

On the Seventh Day of May - Red Raselom

Tiningnan niya ang mga taong nakatayo sa harap ng stall ni Michelle. Tama si Kenneth; may limang customers.

Nagdesisyon siyang tulungan ito kahit naiilang din at walang alam sa pagtitinda ng isda. Lumapit siya sa stall at in-entertain ang mga customer.

“Ano po sa inyo, Lola?” tanong niya sa isang matandang babae.

“Ay, may dalagang bukid ba kayo, ineng?”

Ano ‘yung ‘dalagang bukid’? Ibinaling niya ang tingin kay Kenneth. Abala ito sa paglilinis ng isda. Nahiya tuloy siyang magtanong. “Ah, eh... hmm... ano po ba ‘yun, Lola?” Ngumiti siyang parang batang inosente. *Wala, eh. Di ko talaga alam kung ano ‘yun.*

“Kuu! Nagtitinda ka ng isda, di mo alam kung ano iyon? Ang boba mo naman, hija.”

Medyo nainsulto siya sa sinabi nito, pero nagdesisyon siyang huwag na lang pansinin. Sa halip, tumawa siya.

“Sorry po, Lola. In-assist ko lang po kasi ‘yung kaibigan ko na talagang tindera dito, eh. Pasensya na po,” sabi na lang niya. “Pero kung gusto n’yo, try n’yo po ‘yung iba naming isda. May tilapia po kami

at bangus...”

“Ah, sige, bangus na lang. Magkano ba isang kilo nito?”

“One... twenty po.” Ibinaling niya ang tingin kay Kenneth, asking for confirmation.

Samantala, maging ito ay natigilan at napaisip. “One twenty nga ba? Oo yata.”

“Anong ‘oo yata’? Hindi ka sigurado?”

“Ewan, pero tingin ko one twenty nga.”

“Hoy, Kenneth, magtigil ka nga r’yan!” Pinandilatan niya ito ng mga mata. “Paano kung hindi pala iyon tama? Paano kung underprice tayo? Di nalugi pa sina Mich at kasalanan pa natin?”

“Hindi iyan, ako’ng bahala.”

“Ikaw ang bahala, ako ang kawawa?” Inirapan niya ito. “Batuhin kaya kita ng bangus?”

“Bakit nga ba hindi mo subukan?” Tumawa ito.

“Ah, ganoon?” Kumuha siya ng isang bangus para ihagis dito. “Kenneth!”

“Ay, p*ta—” Tumama ang bangus sa likod nito. “Ruby, ano ba iyan?”

“Bangus, malamang.”

Sinaway sila ng matanda sa pagtatalo nila kaya tumigil na siya.

“Hay...” Inilagay ni Kenneth sa plastic ang nilinis na isda saka iniabot sa namili niyon. Pagkatapos, pinulot nito ang bangus saka ipinatong sa kulumpon niyon. “Ano ho ba sa inyo, Lola?” tanong nito sa matandang babae.

“Bangus, hijo. Pili mo ako nang malaki-laki,” sabi nito. “At one hundred ten lang ang isang kilo ng bangus, hijo.”

“Ay, ganoon ho ba?” Halatang nahiya ito dahil sa obvious na rason: ito ang nagtitinda pero ang customer ang nagpresyo.

“Ay, hindi ganito,” pambabara ni Ruby sa binata. “Bentahan mo na nga lang si Lola. Nakakahiya ka. Ikaw ang tindero pero customer ang nagpresyo? Aba, matindi!”

“Parang hindi ka rin tindera dito, ah,” labas sa ilong na bulong nito habang namimili ng bangus.

“Ano’ng sabi mo?”

“Wala, s’abi ko, ang ganda mo.” Kinuha nito ang napiling bangus saka inilagay sa kiluhan. “Iyan ho?”

On the Seventh Day of May - Red Raselom

Isang kilo't isang guhit. One hundred ten na lang ho para sa inyo."

"Ah, sige, hijo. Pakilinis mo na rin."

"Kakaliskisan ko ho ba?"

"Hindi, babalatan mo!" sabat uli ni Ruby. "Bale gagamitan mo ng peeler para madali."

"Alam mo, Ruby," hinarap siya nito, "ang ingay mo. Mabuti pa'y umupo ka na lang. Naguguluhan ako sa iyo." Gumawi ito palapit sa lababo at sinimulang linisin ang bangus.

Napangisi siya. Iba na ang tono ni Kenneth. "Uy, napipikon ka na?" ngingisi-ngisi niyang sabi. Hindi pa nakontento, tumabi siya rito at siniko. "Ayie, galit na siya."

Hindi ito umimik; nanatiling seryoso ang mukha nito habang naglilinis ng isda.

"OMG! Ang hot namang maglinis ng isda ni Fafa Kenneth!" kantiyaw niya, mimicking RJ's tone whenever he would mimic a gay guy. "Lagi ka na lang maglilinis ng isda, ha? Para mas pogi ka. Mas ma-fall pa ako sa iyo nang super hard."

Bumuga ito ng hangin saka sinimulang hiwain ang isda.

On the Seventh Day of May - Red Raselom

“Psst, pogi!” Kinindatan niya ito. “Pansinin mo naman ako, pogi.”

Again, hindi siya nito pinansin. Tinapos lang nito ang ginagawa bago iniabot sa matanda ang bangus. In-entertain nito ang iba pang customer na, sa awa ng Diyos, pulos tilapia ang binili. Ang tingin pa naman niya ay iyon lang ang presyong alam ni Kenneth.

Samantala, umupo siya sa kinauupuan niya kanina at pinanood na lamang ito. Hanggang sa sandaling iyon ay amazed na amazed pa rin siya dahil sa mala-ekspertong pagkilos ng kasama.

Sa wakas ay natapos na rin ang binata. “Whoa, ‘kapagod!” Pinunasan nito ang pawis gamit ang braso saka hinubad ang apron. “Wala pa ba si Mich? Ang tagal naman yata.”

“Ewan ko d’un.” Napaikot siya ng mga mata. She made a mental note na sasampalin niya gamit ang tilapia ang kaibigan pagdating nito. “S’abi niya, mamimili lang siya ng palamig. Tinamad lang yatang magtinda iyon, eh. Galawang breezy girl, gosh!”

Umupo si Kenneth sa monoblock chair na inupuan ni Michelle kanina. “Bakit nga pala ang hyper mo, Ruby?”

“Eh, ba’t ba? Trip ko, eh.” Todo-ngisi siya.

On the Seventh Day of May - Red Raselom

Napakamot ito ng ulo. “Ang lansa ng damit ko,” reklamo nito. “Ikaw kasi.”

“Di hubarin mo! Problema ba iyon?”

“Huhubarin ko na nga!” Tumayo ito saka hinubad ang t-shirt.

At napatakip naman ng mga mata si Ruby, bagaman may siwang iyon para makakita pa rin. “Wah, anu ba?!” pa-virgin... este, feeling inosenteng sigaw niya, “Huwag ka ngang maghubad!”

Hindi naman talaga naiilang na makakita ng hubad na lalaki si Ruby. Sadyang naimpluwensyahan lang siya ng mga nabasa niyang romance story sa *Wattpad* kaya feeling niya ay ganoon din siya.

“Ikaw ang nag-suggest na hubarin ko ‘yung damit ko ‘tapos bigla kang gaganyan? ‘Yung totoo, Ruby?’” tugon ni Kenneth saka sinabit ang t-shirt sa balikat. “Buti pala may extra na damit akong dala. Makikiligo na lang ako kina Mich bago umuwi.”

And then there was silence between them.

Noon din ay umayos na si Ruby. Umupo siya nang tuwid, bumuntong-hininga saka palihim na tiningnan si Kenneth. Kinakalikot na nito ang cell phone.

Okay, so kumusta sila? Hindi niya alam. As much

On the Seventh Day of May - Red Raselom

as she didn't want to talk about it, she wanted to apologize to him for what she did that night.

I mean, kilala ko si Kenneth, eh. Mabait siyang tao. Hindi siya nananamantala. It just happened na mali 'yung words na ginamit niya. 'Tapos, ako naman itong mukhang shunga, hindi man lang siya pinagpaliwanag. She mentally heaved a sigh. Tuloy, anyare sa amin? Wala na, awkward na. Sayang friendship.

Natigilan siya nang biglang magsalita si Kenneth. "Ruby..."

Ibinaling niya ang tingin dito. Nakita niya ang pagiging seryoso ng mukha nito. Dito pa lang, alam na niya kung ano ang pag-uusapan nila.

"T-tungkol ba ito sa nangyari noong Monday?" Nakaiwas siya ng tingin habang sinasabi iyon. "Y-yung confession mo?"

Dahan-dahang tumango si Kenneth. "Oo sana, gusto kong ayusin 'yung gusot sa pagitan nating dalawa."

There was silence. Mabuti na lang ay agad iyong binasag ni Kenneth.

"Ruby, sorry," sabi nito habang nakatingin sa kanya nang direktso. "Yung mga sinabi ko, sorry. Tama

On the Seventh Day of May - Red Raselom

ka, hindi ko pinili ‘yung mga salita ko. Iba tuloy ang naging dating sa iyo.”

Bumuntong-hininga ang dalaga at akmang magsasalita ulit, pero hindi pa pala ito tapos.

“Sorry rin sa pang-aasar ko sa iyo nitong mga nakakaraang araw. Alam mo naman, ano...” Bumuntonghininga ito at napaiwas ng tingin. “N-nagpapapansin.”

Nakita niyang namula ang mukha nito. Well, this was the first time she saw him blush, and she thought it was cute. Tuloy, hindi niya napigilan ang sariling kurutin ang pisngi nito.

“Ang cute mo, Kenneth, gosh!” Para siyang batang tuwang-tuwa dahil nakahawak ng cute na rabbit.

“Aray!” Inalis nito ang kamay niya sa pisngi nito. “Ang sakit! Tama na, Ruby!” reklamo nito, sabay hinimas ang nasaktang pisngi.

“Sorry. Hehehe.” Nag-peace sign siya. “Pero, seryoso, pagpapapansin pala ‘yung ginagawa mong pang-aasar sa akin recently?” Syempre, dahil crush niya ang binata, hindi niya mapigilang kiligin.

“Oo. Ginaya ko kay Dylan iyon.”

Now, this explained kung bakit para siyang si

Dylan kumilos recently. Galawang Dylan pala talaga ang peg niya.

“Ikaw, ha? Ganyan ka ba ka-obsessed sa akin?”

“P-parang ganoon na nga. Kaya nga ang desperado kong pakinggan noong umamin ako sa iyo, eh.” Ginulo nito ang buhok. “Shit, nakakahiya talaga! Ayoko nang maalala ‘yung gabing ‘yon.”

Natawa siya. “Oo, dapat talaga mahiya ka sa akin, Kenneth.” She smiled. “Well, na-appreciate ko naman ang effort mo. To be honest, kinilig naman ako, eh.” She giggled innocently.

Kenneth looked at her. “Ganoon?”

“Hindi, ganito.” Tumawa siya ulit bago muling naging seryoso. “Pero alam mo, Kenneth, I hate to break your guts pero... alam mo na, hindi pa kasi talaga ako ready magpaligaw. I mean, alam mong strict ang parents ko. Bawal munang mag-boyfriend habang nag-aaral pa. “Tapos, commitment ko rin iyon sa sarili ko.”

Totoo ang sinabi ni Ruby. Iyon ang dahilan kung bakit kahit may pagka-alembong siya, bagaman ayaw niyang aminin, wala pa rin siyang nagiging boyfriend simula nang ipinanganak.

Napakamot ng ulo si Kenneth. “Kaya ba ako basted?”

“Y-yeah,” pabulong niyang sabi. “Pero don’t worry, napatawad na kita doon sa sinabi mo which means...” She thrust her hand forward. “Friends na ulit tayo?”

Tinitigan nito ang kamay niya.

“Ayaw mo yata, eh.”

Muli, napakamot ito ng ulo bago bumuntong-hininga. “Tingin ko, mas mainam na nga ito.” Tinanggap nito ang kamay niya. “Mas mainam nang ma-friendzone kaysa mawala ang lahat ng binuo natin.”

“Taray naman ng ‘binuo natin.’” Tumawa siya bago binawi ang kamay. “Parang may relasyon, eh, ‘no?’”

Kenneth smiled... and she almost fell off her chair. Pucha, ito na naman ang napakagwapong ngiti ng binata. His pearly white teeth shone at her like diamonds. It blew her away, leaving her wonderstruck.

“So, I guess, bati na tayo?” sabi ng kaibigan na nagpabalik sa kamalayan niya. “Wala nang awkwardness sa pagitan nating dalawa?”

She smiled before she nodded. “Well, of course. Bati na tayo. Friends na ulit tayo.”

On the Seventh Day of May - Red Raselom

Kenneth smiled again, and she was blown away once more.

At noon din ay pumasok na si Michelle sa stall, bitbit ang tatlong plastic ng samalamig.

“Sorry, guys, napatagal ako. May nakasalubong kasi akong high school friend, eh. ‘Lam n’yo na, kaunting chika muna,” paumanhin nito. “May namili ba?”

“Oo, ang dami.” Tumayo si Ruby. “And speaking of which, may sorpresa nga pala ako sa iyo.”

“Ano naman iyon?” excited na sabi nito.

“Ito—” Natigilan siya nang mapansin wala na palang tilapia. Tulad ng sabi niya kanina, plano niyang sampalin ang kaibigan gamit ang nasabing isda.

She considered using other fish pero bigla siyang nawalan ng gana. “Joke lang, wala iyon,” sabi na lang niya saka kinuha ang salamamig kay Michelle.

“Ay, grabe! Ano ‘yun?” nagtataka nitong tanong.

“Wala!”

Mas mainam na ring huwag na lamang niyang sampalin ang kaibigan. After all, Michelle’s tardiness brought her something good: okay na sila ulit ni Kenneth.

6

Matapos makapag-usap sina Ruby at Kenneth, muling nanumbalik ang lahat sa normal. Bagaman minsan ay nagkakailangan pa rin, nakakapag-usap na silang dalawa nang tulad noong panahong hindi pa umaamin si Kenneth tungkol sa damdamin nito sa kanya at noong panahon ding hindi pa nito ginagaya si Dylan.

Anyway, nang sandaling iyon, ito ang senaryong naganap sa magbabarkada:

Ang feeling na stranded ka sa dormitoryong walang kuryente at nakatayo sa gitna ng bundok? Pagkatapos umuulan pa nang pagkalakas-lakas. Nakakainis iyon at damang-dama ng buong barkada iyon.

Magkakasama sila noon sa facade ng dorm at pinapanood ang ulan.

“Asar talaga to the boooooone!” irit na lamang ni Michelle saka sinuntok-suntok si RJ sa braso. “Gusto ko nang umuwi, RJ! Ang layo pa ng Mariveles!”

“Aray ko, Mich! Masakit!” reklamo nito. “Alam kong malayo ang bahay mo, pero huwag ka

namang mambugbog. Hindi ako si Dylan! Sa bagay, magkasimpogi at macho kami kaya okay lang.” Ngumisi ito na parang aso.

“Hoy, ang kapal mo, RJ! Iyang mukha mong iyan?” Inirapan ito ni Mich. “At huwag mo ngang ikumpara si Dylan sa iyo. Machong gwapo ang hambog na iyon. Ikaw, hipon ka, parang si Josel!”

“Hipon ka raw, Josel, oh?” pag-uulit ni MJ. “Payag ka ba d’on?”

Nanlaki ang mga mata ni Josel. “Hoy, bruha! Anong hipon ako? Gandang hipon ko naman!” Inirapan nito si Michelle. “Palibhasa, s’abi ni Dylan, mukha kang bading kasi flat ‘yung iyo!”

Nagtawanan ang lahat habang napamaang si Michelle.

“Tse! At least, maganda ako. Kaysa naman sa iyo, negrang hipon. Boo!” Ibinaling nito ang tingin kay Ruby. “At ikaw babaita! Ano’ng itinatawa mo d’yan? Tandaan mo, pareho lang tayong flat!”

Muling nagtawanan ang lahat habang si Ruby ay umusok ang tenga sa sobrang inis.

“Guys, tama na nga iyan. Inaasar n’yo na naman si Ruby,” pagtatanggol ni Kenneth. Inakbayan niya

ang dalaga.

Humaba ang nguso ni Ruby. “Lagi namang ganyan, eh. Lagi akong hina-hard ng lahat. Huhu.” Niyakap siya nito at nagkunwaring umiiyak. “Ayoko na talaga! Magma-migrate na talaga ako sa South Korea. Huhu. Jaejoong-oppa, wait for me!”

“Tse! Tigilan mo nga ang kaka-K-Pop mo, Ruby!” Kahit kailan talaga’y ayaw ni Michelle sa K-Pop music. Hindi kasi nito naiintindihan ang kanta.

“Tama na nga iyan, guys.” Tumawa si Kenneth. “Mabuti pa, ligo na lang tayo sa ulan. Pampalamig ng ulo.”

Nagkatinginan ang kambal. “Sige ba, game kami!” sabay na hirit ng mga ito at tumakbo palabas at nagtatalon na parang mga palaka nang mabasa ng ulan.

Hinarap ni Kenneth si Ruby. “Ano? Ligo tayo?”

Umiling ang babae. “Ayoko.” Humiwalay ito sa pagkakayakap sa kanya.

“KJ!” kunwaring pagtatampo niya. “Sige na. Minsan lang ito.”

“Ngii! Ayoko nga!”

On the Seventh Day of May - Red Raselom

Bumuntong-hininga siya. “Sige na nga. Kami na lang.” Hinubad niya ang suot na sando saka inilapag iyon sa upuan. Sumunod na rin siya sa dalawang tukmol na enjoy sa pagligo sa ulan.

“Uy, macho!” kantiyaw ni RJ. Hindi pa nakontento, hinimas pa ang dibdib ni Kenneth. “Ay! Ang tigas!” Nagbakla-baklaan ito.

Kenneth gave RJ the middle finger salute. “F*ck you, RJ! Bakla ka talaga, ano?”

“Ay, buti naman nakuha na!” patuloy na pagbabakla-baklaan nito. “I lab yu, fafa Kenneth!” Niyakap nito ang braso niya. “Oh, my gash! Hang tigash!”

“P*tang-ina mo! Bitiwan mo nga ako!” Itinulak ni Kenneth si RJ. “Kadiri ka!”

Masayang nagtawanan silang tatlo sa mga kalokohang pinaggagagawa.

Hindi na halos kumukurap si Ruby habang nakatitig kay Kenneth. *OMG! Naka-topless siya! I’m gonna faint!* kilig na kilig niyang monologo, proving na feeling inosente talaga siya noong araw na nasa stall sila ni Michelle. *Gash! Ang hawt ng chocolate*

abs niya.

Bigla siyang hinampas ni Josel sa likod. “Oy, may naglalaway sa abs ni Kenneth,” pang-aasar nito.

Noong nag-usap sila, nagkasundo silang tatlo, kasama si Michelle, na huwag na lamang ipaalam sa iba pa nilang kaibigan ang pag-amin ni Kenneth sa kanya nang sa gayon ay walang awkwardness na mamagitan. Kilala pa naman niya ang mga ito, lalo na ang de Jesus twins. Sobrang mapang-asar.

Sumang-ayon si Michelle dahil ayaw nitong magkawatak-watak sila, at tinupad nito ang ipinangako.

Inirapan ni Ruby si Josel. “Tse! Hindi kaya.”

“Asus!” pambabara nito. “Nako, sumali ka na nga lang sa kanila. Gusto ko ring maligo, eh.” Malakas siyang tinulak nito.

“Kiyah!” Napalundag-lundag ang dalaga, sinusubukang balansehin ang sarili. Nabasa tuloy siya ng ulan. “Ay naku, Josel, nakakainis ka!” inis niyang turan dito. Pero dahil basa na rin, pinili niyang sumama na kina Kenneth.

Samantala, nagpaulan na rin ang dalawa pang babae para makisali sa kanila.

“Iyun, kumpleto na tayo!” tuwang-tuwang sabi ni RJ. “Halina’t magtampisaw sa ulan.”

Binatukan ito ng kakambal. “Anong magtampisaw sa ulan? Bobo ka talaga!”

“Sige nga, ano’ng tama, MJ?” paghahamon ni Josel.

“Maligo sa ulan.” Ngumisi ito.

“Gunggong! Tama ‘yung magtampisaw sa ulan!” ganting bira ni RJ.

“Heh! Magsitahimik na kayo,” Napaikot na lamang ng mga mata si Michelle. “Ano’ng gagawin natin?”

“Taguan na lang,” suhesyon ni MJ. “Pwede kayong magtago sa buong *Letran!*”

Nanlaki ang mga mata ni Ruby sa narinig. Kung hindi siya nagkakamali, humigit-kumulang dalawampu’t isang ektarya ang kabuuang area ng school nila. “Hoy, okay ka lang? Ang laki-laki kaya ng school natin!”

“Di bawal magtago sa mga gubat. Ano, game?”

“Sige na nga!” pagpayag niya. “Maiba taya, tayo.”

Pinagdikit-dikit nila ang mga kanang kamay.

“Maiba... bakla!” saad ni MJ.

Namumukod-tanging si Michelle lamang ang nakaibabaw ang palad. Naghalakhakan tuloy ang buong tropa.

“Ay, bading ka talaga, Mich!” kantiyaw ni Josel. “Korek talaga si Inkredibol!” *Incredible* ang pet name ni Josel kay Dylan dahil malaki raw ang katawan nito na parang si *Incredible Hulk*.

Inirapan ito ni Michelle. “Tse, whatever! Basta, game na. Magbibilang na ako.” Pumikit ito at nagsimulang magbilang ng hanggang sampu.

Samantala, hinawakan ni Kenneth ang kamay ni Ruby. “Sama ka sa akin.” Ngumiti ito.

She forced herself not to pinch his cheek. Bakit ba ang cute-cute nito? “Sure!”

Sabay silang tumakbo palayo ng dormitory. It was Kenneth who led her. Hindi na niya inalam kung saan siya nito dadalhin. For her, being with him was enough.

Hanggang sa napansin niyang papunta sila sa gymbahan. Scratch that, sa shower room pala sa tabi nito. Ang matindi pa, sa panlalaki siya nito dinala!

Nanlaki ang mga mata niya nang buksan nito ang

isang cubicle at sinenyasan siyang pumasok.

“Tara, dito tayo, Ruby. Paniguradong walang makakakita sa atin dito,” anito.

Base sa tono nito, halatang seryoso ito.

Tiningnan niya ito mula ulo hanggang paa. He was dripping wet and half-naked. At dinala pa siya nito sa isang sobrang secluded na lugar.

Napalunok siya. She was indeed being perverted kanina, pero iba na yata ang dating nito and she didn’t want it! Paano kung may makahuli sa kanila? Ayaw niyang ma-OSACA—o madala sa *Office of Students’ Affairs and Cultural Activities* at mamarkahan for violating the rules mentioned in student’s handbook—nang wala sa oras!

Kenneth snapped his fingers to call her attention once again. “Huy, Ruby, tara na! Mahuhuli tayo ni Mich!”

Mariin siyang umiling. “Ayoko nga! Ano’ng gagawin natin d’yan?”

“Anong ‘ano’ng gagawin’—” Natigilan ito at tila nakuha kung ano ang ibig niyang sabihin. “Shit, Ruby, hindi iyon ang plano ko! Tingin mo ba, mukha kitang mamanyakin?”

On the Seventh Day of May - Red Raselom

Tinaasan niya ng kilay ang kausap. Hindi pa nakontento, tinakpan niya ang dibdib gamit ang kamay.

“Oh, bakit?” nagtataka nitong tanong.

“Kenneth, alam kong natural sa mga lalaki ang maging ma-L, pero please, huwag kang ganyan.” Madalas talaga ay medyo praning si Ruby pagdating sa mga ganitong bagay. Masyado kasi niyang isinasapuso ang mga nababasa sa romance pocketbooks sa bahay.

Umawang ang mga labi nito, hindi makapaniwala. “Seryoso, Ruby, ganoon ba ang tingin mo sa akin?”

“Bakit? Ganoon naman lahat ng mga lalaki, di ba?”

Lalong umawang ang bibig nito. Akmang magsasalita ito kung hindi lang nila narinig ang pagtawag ni Michelle sa mga pangalan nila. Nataranta tuloy si Kenneth at bigla siyang hinila papasok ng cubicle at isinara ang pinto.

And they were alone inside. It was dark dahil hindi nakabukas ang ilaw kaya super awkward talaga.

Hinihinal na humarap sa kanya ang lalaki. “Whew! Muntik na.”

She distanced herself from him. “Kenneth, huwag

kang didikit sa akin, ha? I don't want anyone to think that we're doing some hanky-panky here!"

Natigilan ito. "Ruby, bakit ba ganyan ang tingin mo sa akin? Mukha ba talaga akong manyak?"

"Hindi naman. Naniniguro—"

Muli nilang narinig ang pagtawag sa kanila ni Michelle. "Ruby! Kenneth! MJ! Hoy, nas'an kayo?"

Bigla siyang hinila ni Kenneth palapit rito at tinakpan ang bibig. "Shh..." mahina pang bulong nito.

Napalunok na lamang si Ruby. Hindi naman serial killer ang humahabol sa kanya, pero nakaramdam siya ng kakaibang nerbiyos. Bakit nga ba? Dahil ba sa muntik na silang mahuli ni Michelle? O baka natatakot siyang mahuli sila nito sa ganoong ayos?

But then, she felt that weird stunning sensation when her body was rubbed against Kenneth's skin. Naisip niyang lumayo nang bahagya rito, pero hindi siya nito pinayagan.

"Huwag kang magulo. Mahuhuli tayo," muling bulong nito. Maging ito ay parang nagtatago sa serial killer kung kumilos.

Napaikot siya ng mga mata. *Kenneth, nakakatakot talagang mahuli tayo sa ganitong pwesto, anubey!*

On the Seventh Day of May - Red Raselom

Matapos ang ilang sandali, naramdaman nilang umalis na si Michelle. Pareho silang nakahinga nang maluwig.

“Muntik na tayo doon, ah,” saad ng binata saka pinakawalan ang kasama. “Akala ko mahuhuli tayo.”

“Tse!” Inirapan niya ito. “Talagang dapat hindi tayo mahuli. Nakakatakot kaya!”

Natigilan ito. “Galit ka?” nagtataka nitong tanong.

“Ay, hindi!” sarkastiko nitong sabi. “Tabi nga riyon!” Pinausod niya ito at lumabas ng cubicle.

Pero bago pa man siya makalayo, bigla siya nitong niyakap patalikod.

“Sorry na, Ruby,” bulong nito in a very apologetic yet sweet tone. “Kung dahil man iyon sa pinilit kitang magtago sa shower room ng mga lalaki, sorry na. Hindi ko naman kasi naisip agad na posible palang ganoon ang isipin ng lahat kapag nakita nila tayo.”

Napalunok si Ruby. Again, she felt the stunning sensation at mas malala pa iyon! Hindi tuloy niya maiwasang mag-blush.

Gosh, Kenneth, kinikilig ako. Anubey!

On the Seventh Day of May - Red Raselom

Pinaharap siya nito saka hinawakan ang magkabilang pisngi. “Ruby, huwag ka nang magalit, please? Ayokong nagagalit ka sa akin, eh. Friendzone na nga ako sa iyo ‘tapos magagalit ka pa? Ang saklap naman niyon.”

Gusto pa niya itong awayin kaso nag-uumapaw na ang kilig niya at ayaw niya iyong ipahalata kaya nagdesisyon siyang patawarin ito. “S-sige na nga.”

Biglang kumulog nang pagkalakas-lakas. Sa sobrang pagkagulat tuloy niya ay bigla siyang napahiyaw at napayakap kay Kenneth.

Natawa na lamang ito. “Ang cute mo talagang magulat. Nakakatulig,” iiling-iling pa nitong sabi. Matinis kasi ang boses niya. She could actually hit C#6 kapag umiirit siya.

Again, she just blushed.

Akmang lalayo na sana siya pero pinigilan siya ng binata. Hinapit nito ang baywang niya. “Pwede bang ganito lang tayo, Ruby? Kahit sandali lang?”

“B-bakit?”

“Wala lang. Gusto ko lang na malapit ka sa akin na tulad nito.”

“Chancing na ‘yan, uy.” Napaikot siya ng mga mata.

On the Seventh Day of May - Red Raselom

Napakamot ito ng ulo. “S-sabi ko nga.” Mababakas ang pagkadismaya sa boses nito.

Dahil lumakas lalo ang ulan na sinabayan pa ng kidlat, pareho silang natakot na bumalik sa dorm. Baka kasi tamaan sila pareho.

Kaya nagdesisyon silang umupo muna sa bleacher sa gymbahan para magpatila ng ulan.

“Ang lamig, grabe!” nanginginig na turan niya. “Pa-hug nga ako, Kenneth!” Umusod siya palapit dito at nagpaakbay. Niyakap din siya nito.

Natawa ito. “Chancing na ‘yan, uy.” Ginaya siya nito.

Napawi tuloy ang ngiti niya. “Di ‘wag!” Akmang lalayo na siya pero agad siya nitong pinigilan.

“Joke lang.” Inakbayan siya ni Kenneth. “Ito naman, nagtampo agad.”

Sinimangutan niya ito.

There was silence between them. Only the heavy pouring of rain and occasional roaring of thunder could be heard.

Ruby sighed before she secretly looked at Kenneth who was staring blankly. To be honest, she wanted to ask him a very awkward question: how

did he fall for her?

Oops, walang meaning ‘yun, ah. I’m just curious. Syempre, may karapatan naman akong malaman, di ba?

Muli kumidlat nang malakas na sinabayan pa ng kulog. Hindi matatakutin sa ganito si Ruby, pero talagang nagulat siya at napayakap na naman nang mahigpit sa binata.

“Shucks! Nakakatakot talaga ‘yung kulog. Ang lakas!”

Hinimas ni Kenneth ang buhok niya. “Okay lang iyan, Ruby. Hindi ka tatamaan niyan kasi nasa safe na lugar ka. Saka nandito naman ako sa tabi mo.”

“Ang korni mo naman, Kenneth.” Mahina niya itong hinampas saka tumawa. “Last mo na iyan, ha? Talagang-talagang last mo na iyan.”

“Ganoon?” Bumuga ito ng hangin saka bumulong, “Wala, eh. Hindi talaga ako pang-pick-up lines. Lahat ng sinasabi ko, korni para sa iba.”

“Uy, may nagtatampo.” Siniko niya ito nang mahina saka bumuntong-hininga. “Pero seryoso, Kenneth, p-paano ka ba na-in love sa akin?” sa wakas ay nasabi na niya. “Pasensya na kung awkward ‘yung tanong ko, ha? Curious lang talaga kasi ako.”

On the Seventh Day of May - Red Raselom

Bumuntong-hininga ang binata saka inalis ang mga braso nitong nakayakap sa kanya. Itinukod nito iyon sa dalawang binti bago napahilamos ng mukha.

“Sa totoo lang, Ruby, mahabang kwento iyon,” seryosong sabi nito. “Saka... ano... basta, ang masasabi ko, isang araw, na-realize ko na lang na may gusto pala ako sa iyo, ganoon.”

Hindi siya nakaimik. Hindi kasi niya alam ang sasabihin.

Tumayo si Kenneth. “Tara, balik na tayo sa dorm. Wala nang kidlat. Saka mapuno naman. Hindi na siguro tayo matatamaan kung maglalakad tayo sa silong ng puno.”

He just contradicted what he said earlier, and even Ruby noticed that. Halatang iniwasan lang nitong mapag-usapan ang topic na iyon.

But then, she chose to ignore it. Sumang-ayon siya. “Sige. Nilalamig na rin kasi ako, eh,” aniya kahit sa loob-loob ay talagang curious pa rin siya sa kung paano na-in love sa kanya si Kenneth. Parang ang lalim kasi... parang may itinatago ito sa kanya na hindi niya nalalaman...

7

Kinabukasan, bagaman hindi naman na masyadong umuulan, suspended pa rin ang klase. Nagdesisyon silang pito na umuwi na lamang.

“Naloka ako kagabi. As in super duper nalurkey talaga ako,” wika ni Ruby. “Ang init, grabe.” Sakay sila ng kotse ni Josel. Nagpasundo kasi ito at nakisabay sila. Bale ibababa lang sila sa highway para sumakay ng jeep o kaya ay bus, depende sa uuwian nila.

“Nainitan ka pa?” hindi makapaniwalang sagot ni Michelle na katabi niya. Pinandilatan pa siya nito ng mga mata. “Ang ginaw kaya. Akala mo naka-aircon ka pa rin.”

“Oo, mainit,” pagsang-ayon ni MJ kay Ruby. “Naka-briefs lang kaya ako natulog kagabi. Kita tuloy ‘yung bulbol ko, ay.”

“Anu ba ‘yan!” hirit ni Josel na nakaupo sa tabi ng driver na papa nito.

Binatukan ni RJ ang kakambal. “Tang-ina mo, Miguelito Juan! ‘Yung bunganga mo nga.”

Gumanti naman ito. “Tang-ina mo rin! Mas

matindi ka sa akin! Malibog!”

“Mas malala ka sa akin! Tandaan mo, ako, malibog lang. Ikaw, pinakamalibog sa ating tatlo!”

“Hindi kaya! Ganito iyan. Malibog,” tinuro nito ang sarili, “mas malibog,” tinuro nito si MJ, “pinakamalibog!” Tinuro nito si Kenneth na tahimik na nakikinig ng musika sa headphone nito habang nakaupo sa likod ng van. “Diyos ito ng kalibugan!” Humalakhak ito nang sobrang lakas.

“Ah, ikaw daw ang pinakamalibog sa atin, Kenneth, oh?” hirit ni RJ. “Payag ka d’on?”

“Pakisabi, pakyu ‘ika mo, hard,” sabi nito saka kinalikot ang cell phone. “Nananahimik ako dito, ha!”

Natahimik naman si RJ. Ganoon din si MJ.

“Iyan kasi, binuwisit n’yo ‘yung tao,” natatawang sabi ni Josel. “Ano kayo ngayon?”

Wala nang nagsalita sa kanila hanggang sa makarating sila sa highway.

“Thank you po!” sabay-sabay nilang sabi sa papa ni Josel. Nagpaalam din sila sa kailang kaibigan bago nila sinara ang pinto ng van.

Sakto ring mayroon nang paparating na *Bataan*

On the Seventh Day of May - Red Raselom

Transit na papuntang Mariveles kaya nakasakay sila kaagad.

Taga-Pilar ang kambal habang sila ni Kenneth ay tumutuloy sa Limay. Of course, taga-Mariveles si Michelle kaya ito ang huling bababa.

Pinili niyang tumabi kay Kenneth para makaupo siya sa tabi ng bintana. Hindi kasi papayag sa ganoon si Michelle dahil doon din ang gusto nitong upuan. Ayaw niyang katabi ang isa sa kambal dahil sobrang kulit ng mga ito.

“Kenneth, d’yan ako sa may bintana, okay lang?” pigil niya rito nang uupo na sana ito sa gusto niyang pwesto.

“Ah, sige.” Muli itong tumayo sa aisle para paraanin siya.

“Thanks.”

Binigyan na sila ng ticket ng konduktor. As usual, sixty pesos lang ang pamasaha nila dahil estudyante sila.

Walang imikan sina Ruby at Kenneth habang bumibiyahe. Abala kasi sa pakikinig ng music sa headphone ang huli.

Siniko niya ito. “Uy, hindi ba malo-lowbat ‘yung

cell phone mo sa kakakinig mo sa MP3?”

“Lowbat na nga ako,” Tumawa ang lalaki saka niligpit ang headphone.

“Iyan kasi,” sambit niya na umiling-iling.

“Okay lang, may power bank naman ako saka may generator kami sa bahay.”

“Di ikaw na.” Ngumuso si Ruby. May-kaya rin naman ang pamilya niya dahil parehong doktor ang parents niya, pero ni minsan ay hindi naisip ng mag-asawa na bumili ng generator. Hindi daw kasi kailangan dahil madalas namang walang tao sa bahay nila.

“Nga pala, Kenneth, may tanong ako sa iyo.”

“Ano ‘yun?”

Saktong nasa Pilar na sila kaya nagpaalam na sa kanila ang kambal.

“Di ba rich kid ka?” tanong niya sa katabi. “Milyonaryo nga kayo, eh.”

Napakunot-noo si Kenneth. “Bakit ganyan ang tanong mo?”

“Curious lang, bakit sa Bataan pa rin kayo nakatira? I mean, I know, marami kayong bahay pero

bakit sa Bataan ang main house n'yo? Di ba sa QC ang main office ng company n'yo?"

"Ah..." Tumangu-tango ito, nawala ang kunot sa noo. "Si Mommy kasi ay laking-Bataan. Saka 'yung kapatid ko, noong bata siya, hikain siya kaya pinili ni Mommy na dito na lang kami tumira para mas malinis 'yung hangin."

Tumango siya. "Ah, now I know."

"Hindi mo pa pala alam iyon, Ruby?"

"Oh, sorry na."

Wala nang nagsalita sa kanila hanggang sa nakarating sila sa Limay. Bumaba sa *Townsite* si Ruby habang sa *Emerald Village* naman si Kenneth.

Lumipas ang maghapon, ngunit hindi pa rin nagkakuryente. Kung sa bagay, umulan kasi nang malakas at walang tigil iyon.

Siguro ang maipagpapasalamat na lang ni Ruby ay may cell phone charging service ang katapat nilang bahay kaya full charged ang gadget niya.

Bumuntong-hininga siya. "Jusko, 'day! Nakakabore naman. Wala ba akong magawa, oh?"

On the Seventh Day of May - Red Raselom

Sinubukan niyang matulog, pero hindi talaga siya sanay matulog nang hindi natututukan ng electric fan. Tinatamad naman siyang magbasa ng libro at wala siyang makausap dahil tulog lahat ng kasama niya sa bahay.

Nagdesisyon siyang tingnan na lamang ang mga photo album na nasa bookshelf nila sa sala. Maliwanag pa sa living room kaya doon siya naglagi.

“Mga medical mission pala nina Daddy at Mommy ang album na ito?” tila manghang-mangha pa niyang sabi. “Hindi ko yata alam.”

Of course, hindi niya iyon malalaman dahil ang photo album na kinuha niya ay kakalagay lamang doon. Dati iyong nasa clinic ng mama niya, na isinara na dahil nagretiro na ito sa edad na 62.

Well, she was actually a menopause baby. Forty-three years old na ang mama niya nang ipanganak si Ruby.

She kept on scanning the album. Kalimitan sa mga tinutulungan ng mga magulang niya ay mga katutubong Aeta. Pumunta rin ang mga ito sa mga charitable institution tulad ng home for the aged at bahay-ampunan.

Speaking of which, bigla niyang naalala na

On the Seventh Day of May - Red Raselom

minsan pala ay isinama siya ng mga magulang sa isang bahay-ampunan na naging venue ng medical mission ng mga ito. Hindi nga lang niya matandaan kung saan ang ampunang iyon

“Kumusta na kaya ‘yung mga bata doon?” Natawa siya bigla. “As if naman na bata pa nga sila. Baka nga mga graduate na sila, ay.”

She continued scanning the album, hoping to see a picture or two of that event. Nagtagumpay naman siya.

“Naks, may date. May 7, 2003 pala ang date na iyon,” sabi niya. “Bale eight years old ako n’on—ay, seven pa lang pala kasi August ang birthday ko.”

Tiningnan ni Ruby ang isang picture na kasama ng mga doktor ang mga bata sa ampunan.

“In fairness, daming mga cute na bata rito,” aniya habang tinitingnan ang mga batang lalaki. “Nasaan na kaya sila? Gwapo pa rin kaya sila—”

Natigilan siya saka nanlaki ang mga mata. Inilapit niya sa mukha ang album nang sa gayon ay mas makita ang picture.

“Am I imagining things here?” bulong niya habang paulit-ulit na kumukurap habang nakatingin

On the Seventh Day of May - Red Raselom

sa larawan. “O talagang kamukha ni Kenneth ang isang bata rito?”

Sa sala, magkakasamang kumakain ng merienda ang pamilya Cristobal habang nanonood ng pelikula sa wide flat TV nila.

“Ang sarap talaga ng lugaw mo, Kuya,” sabi ni Jayson, kapatid ni Kenneth. “Pahingi pa nga ako!” Inabot nito ang mangkok sa kanya.

Napatingin siya rito at nilunok muna ang ngingunguyang manok bago nagsalita. “Oy, bata, nakakalimang mangkok ka na. Tama na ‘yan, magiging butanding ka na,” biro niya rito. Napakataba kasi ng kapatid niya. Sa edad nitong walo, may timbang itong 54 kilos at nagsusuot ng medium t-shirt na pang-adult.

“Salbahe ka, Kuya!” atungal nito. “Kuha mo na kasi ako!”

“Bakit ba hindi na lang ikaw ang kumuha?” Ayaw niyang umalis dahil nasa exciting part na sila ng pelikula.

“May multo sa kusina, eh!” Natural talaga itong matatakutin.

“Bukas naman ang ilaw.”

“Ayaw! Baka lumabas pa rin si *Annabel*.”

Napakamot ng ulo si Kenneth saka inilapag ang sariling mangkok sa coffee table. “Sige na nga, hay...” Kinuha niya ang mangkok nito at nagtungo sa kusina.

Nadatnan niya ang katulong nilang si Manang Rosa na kumakain ng lugaw sa dining table.

“Oh, inutusan ka na naman ni Jayson na ikuha siya ng lugaw?” sabi nito. “Pang-ilan na niya iyan?”

“Oo nga po, Manang. Ang dami na kaya. Kaya tumataba.” Iiling-iling siya habang nagsasandok. Kalahating kilong malagkit na kanin ang niluto niya at isang malaking kaldero na iyon, pero ang kalahati ay kinain ng kapatid niya.

“At ikaw naman, hijo, masyado mong kinukunsinti ang kapatid mo.” Niligpit na ng kausap ang pinagkainan nito saka inilagay sa lababo. “Hindi ka dapat nagpapautos sa kanya. Ay naku, kung ako ang mama n’yo, baka nakurot ko na iyon. Sobrang tamad, grabe.”

“Hayaan n’yo na, Manang, bata pa po kasi.” Tinakpan niya ang kaldero. “Saka kuya naman niya ako kaya ayos lang.”

On the Seventh Day of May - Red Raselom

“Napakabait mo talagang kapatid. Kung sino pa talaga ang ampon, siya pa ang pinakamabait.”

Natigilan siya sa sinabi nito. Mukha namang napansin iyon ni Manang Rosa.

“Ay, sorry, hijo,” paumanhin nito. “Mukhang hindi ka yata komportable sa ganoon. Hindi ko pala dapat sinabi.”

Isa sa mga napansin niyang ugali ng katulong ay ang pagkamadaldal nito at matindi sa pagka-taklesa. Para nga raw si Kris Aquino, sabi niya.

“Okay lang po,” aniya saka nagdesisyon siyang bumalik na sa sala.

Kinuha ni Jayson sa kanya ang mangkok nang hindi man lang nagpapasalamat.

Umupo siya sa sofa saka bumuntong-hininga.

Well, Manang Rosa was right. He was an adopted child.

His foster parents had been married for ten years when he was adopted. Bale siyam na taong gulang siya noon. Akala kasi ng mga ito ay hindi na magkakaanak dahil mababa ang sperm count ng kinilala niyang ama. Dahil sa sobrang desperasyon, nag-ampon na lamang ang mag-asawa.

On the Seventh Day of May - Red Raselom

Nagkataon namang siya ang pinili dahil napakabibo raw niyang bata noon. Magaling daw siyang sumayaw at napakabulastog pa ng ngiti. Iyon, siya na ang pinili kahit ba ang planong ampunin ay sanggol. Naisip din kasi ng mga ito na baka hindi rin maalagaan ang baby dahil sa pagiging busy sa trabaho.

Well, he never hated the fact that he was adopted. He was actually thankful dahil simula nang ampunin siya, nagbago na ang buhay niya. He used to be a lost child, without a past and no future. He didn't know where he came from and where he was going. He was always teetering on the brink of emptiness and despair—until one day, the Cristobals changed everything. They treated him like their son. Despite their goodness, however, there was always a hollow fragment in his life. And he knew he would never be complete until he came face to face with his biological father.

Anak daw siya ng isang babaeng bayaran at isang banyagang lalaki na kailanman ay hindi niya nakita. He grew up living in a squatter's area. His stepfather abused him physically. Araw-araw siyang sinasaktan nito.

His mother, on the other hand, hated him. Ayon

On the Seventh Day of May - Red Raselom

dito, siya raw ang dahilan kung bakit nasira ang diskarte nito. Nang ipagbuntis siya nito, hindi na ito nakapagtrabaho. Wala na ring lalaking gustong rentahan ang katawan nito dahil laspag na raw.

Paano siya nakalayas sa impyerno niyang buhay? Noong minsan ay nag-raid ang mga pulis sa lugar nila. Taga-tulak pala ng droga ang amain niya!

Sinubukan nitong manlaban nang arestuhin hanggang namatay ito sa isang tama ng baril sa ulo.

Ang ina niya? Nagkasakit ito ng AIDS at binawian ng buhay.

Dahil walang malapit na kamag-anak, dinala siya sa *DSWD* kung saan nanirahan siya ng isang taon. At doon nga siya natagpuan ng kanyang mga adoptive parents.

Mabuti na lang talaga, inampon ako nina Mama at Papa. At least, nag-improve na ang buhay ko. Hindi ko na naranasan ang pang-aapi sa akin.

However, Kenneth still wasn't satisfied. Kahit ano ang gawin niya, hindi pa rin niya maaalis ang katotohanang siya ay isang anak ng prostitute na hindi siya masyadong pinahalagahan. His dark past just kept on haunting him, and no matter what he did, he couldn't escape from it.

On the Seventh Day of May - Red Raselom

He never told anyone about this because he was too ashamed of his past. When someone would mention it—like what the maid did a while ago, it always made him sad—for he felt as if it were his fault why he became an adopted child.

He rested his head on the couch and stared blankly, oblivious to his surroundings. His mind was occupied by his turbulent past that he was now trying to forget. But the more he tried to quash it, the more it haunted him....

8

Kinabukasan, wala nang ulan pero malaking bahagi pa rin ng Bataan ang walang kuryente. Tuloy, napasugod si Ruby at ang kambal sa bahay ni Kenneth para tumambay roon maghapon.

“Oh, bakit kayo narito?” takang tanong ng binata. Hindi kasi ito informed.

“Makiki-wifi lang,” prangkang pag-amin ni RJ. Dahil wala talaga itong hiya, pumasok ito sa loob ng bahay kahit hindi pa iniimbata, umupo sa sofa at nilabas ang bagong *Samsung* sa bulsa para makapag-internet na.

“Ang kapal talaga ng mukha ng kakambal mo kahit kailan,” bulong ni Ruby kay MJ. Hinarap niya si Kenneth. “Bumibisita lang po kami. Wala po kasi kaming magawa, eh. Okay lang po ba?” Sinadya niyang magsalita na parang batang paslit.

Natawa si Kenneth. “Ang cute mo, Ruby. Bagay talaga sa iyong magganyan!” Tumabi ito at nagmuwestra para patuluyin sila.

Nag-blush naman siya sa sinabi nito.

Pumasok na sila ni MJ at umupo sa sofa.

“Guys, gusto n’yo ng lomi?” alok ni Kenneth.
“Nagluto ako.”

“Naks! Iba talaga itong si Kenneth. Pwedeng-pwede nang mag-asawa!” hirit ni MJ.

Noon pa man ay alam na nilang marunong talagang magluto si Kenneth. Ayon nga rito, noong bata ito, pangarap nitong maging chef kaya in-enroll ng mga magulang sa cooking class hanggang sa manawa ito at nangarap na lamang na maging isang programmer. Kaya ngayon, tinatapos nito ang kursong Information Technology.

“Sige, Kenneth, pahingi kami,” ngingiti-ngiti niyang sabi rito. “Tingnan natin kung masarap ba ang lomi mo.”

“Sige, hintayin n’yo na lang ako rito.” Nagtungo na ito sa kusina para ihanda ang merienda nila.

“Hindi man lang ba natin tutulungan si Kenneth?” tanong ni Ruby sa kambal.

“Huwag na. Si Kenneth lang ‘yun. Mabait naman iyon,” ani RJ habang kinakalikot nito ang cell phone.

Samantala, walang imik si MJ dahil maging ito ay abala sa paglaro ng online game.

On the Seventh Day of May - Red Raselom

“Walanghiya talaga ang dalawang ito kahit kailan.” Napaikot na lamang ng mga mata si Ruby. “Basta ako, tutulungan ko si Kenneth.” Hindi na niya hinintay na sumagot ang mga ito dahil agad niyang sinundan si Kenneth.

Nadatnan niya ang lalaki na nagsasandok ng lomi mula sa isang kaserola.

Nang makita niya ang itsura ng pagkain, halos maglaway siya. Itsura pa lang kasi ay katakam-takam na.

Lumapit siya rito. “Uy, mukhang masarap iyang lomi mo, ha!”

“Ay, p*tang—” Pinigilan ni Kenneth na mapamura dahil sa gulat. “Nagulat naman ako sa iyo, Ruby,” ngingiti-ngiting turan nito.

“Grabe, ha? May nakakagulat ba sa ginawa ko?”

“Bigla ka na lang kasing sumulpot.”

“So, mushroom ako, ganern? Ganda ko namang mushroom.”

“Wala naman akong sinasabi, ah.” Tinakpan nito ang kaserola. “Gusto mo ba ng sawsawan?”

“Toyo-mansi ang sawsawan nito, di ba?”

On the Seventh Day of May - Red Raselom

Tumango si Kenneth, pagkuwa'y kumuha ito ng mangkok at kubyertos sa tauban ng plato.

“Meron na bang naka-ready? Ako na lang ang maghihiwa ng kalamansi,” boluntaryo niya.

“Ah, sige. Nasa ref, doon sa drawer sa ibaba ‘yung kalamansi.”

Natawa siya sa term nito. “Drawer talaga, Kenneth?”

Lumapit si Ruby sa refrigerator na nasa gilid ng sink at kumuha ng kalamansi sa pinakailalim na compartment. Hiniwa na rin niya iyon pagkatapos habang si Kenneth naman ay nagtitimpla ng iced tea.

“Okay na ba lahat?” tanong niya nang matapos siyang maghiwa ng kalamansi.

“Paminta, baka gusto n’yo rin.” Kinuha nito ang shaker ng paminta saka ipinatong iyon sa tray. “Tara?”

“Go!”

Binuhat nito ang tray ng pagkain at dinala sa sala.

Habang papunta sila sa sala, gumana na ang malanding imahinasyon ni Ruby. Naisip niya kasing isang gwapong waiter si Kenneth sa isang sikat na

restaurant.

Kung sakaling waiter nga siya, nako, for sure araw-araw akong kakain doon para lang masilayan siya, ngingiti-ngiti pa niyang naisip. Naalala tuloy niya bigla ang manager sa KFC na naging viral pa nga sa Facebook. Naisip niyang pwedeng makipagsabayan doon ang kaibigan niya.

Ipinatong ni Kenneth ang tray sa coffee table. “Oh, guys, eto na ang lomi.”

Agad namang kumuha ng mangkok si MJ at nilagyan iyon ng lomi. Nilagyan din nito ng toyomansi ang pagkain bago tinikman.

“P*ta, ang sarap!” OA ang pagkakasabi ni MJ. Para itong isang linggo nang nagke-crave sa lomi at ngayon lang nakakain. “Ikaw na, p’re, ang magaling magluto! Pwedeng-pwede ka na talagang mag-asawa!” Ipinagpatuloy nito ang pagkain. Para pa nga itong patay-gutom dahil sa sobrang bilis kumain saka tulo-tulo pa.

Syempre, kumain din si Ruby. Si Kenneth pa ang nagsandok niyon. Gusto pa nga siyang subuan nito pero tumanggi siya.

“Kenneth, ha?” Binigyan niya ito ng ngiting nagsasabing, “Dumada-moves ka na naman.”

On the Seventh Day of May - Red Raselom

Napaiwas ito ng tingin bagaman nakita niyang namula ang mukha nito.

Natawa siya saka nagsimulang kumain.

Totoo nga ang sabi ni MJ. Masarap ang lomi ni Kenneth. The meat broth blended well with the *al dente* noodles. Saktong luto ba, ganoon. Gusto rin niya ang toppings na tokwa, nilagang itlog, carrots at atay ng baboy.

The taste of his cooking was exquisite, something she would never forget. No wonder MJ went nuts after tasting the lomi.

“Ang sarap, Kenneth!” puri niya sa katabi. “Pang-resto. Iba talaga ang nag-cooking lesson.”

“Ha-ha, salamat, Ruby. Buti nagustuhan mo.”

Ewan kung imahinasyon lang niya iyon, pero parang nakahinga nang maluwag si Kenneth. Para bang nag-aalala itong hindi niya magustuhan ang luto nito.

Muli siyang natawa. *Ay, nako! Si Kenneth talaga!*

“Guys...” Binaling nila ang tingin kay RJ, na hindi man lang naisip kumain. “May tanong ako.”

“Ano ‘yun?” aniya.

On the Seventh Day of May - Red Raselom

Abala ang kakambal nito sa paglamon. Nakadalawang mangkok na nga ito nang hindi nila namamalayan.

Well, matakaw si MJ pero napakapayat nito, na kabaligtaran ni RJ na malaki ang katawan, dahil nagsimula itong mag-workout three years ago. Natural kasing mabilis ang metabolism ng kambal.

“Ano’ng meaning ng ‘DNP?’” tanong ni RJ. “Dati ko pa ito nakikita, eh. Di ko pa rin alam ang meaning.”

“*Diary ng Panget*, bakit? *Wattpad* book iyon na naging movie na,” sagot ni Ruby saka ipinagpatuloy niya ang pagkain.

Tumangu-tango ito. “Ah, iyon pala ‘yun. Akala ko naman kung ano.”

“Bakit, ano ba’ng akala mo?” curious na tanong ni Kenneth.

“Dede ng flat. Ang layo pala ng meaning.” Tumawa ito.

Si Ruby ay nabulunan. Agad naman siyang inabutan ni Kenneth ng panulak. “Ano ba iyan?” reklamo niya matapos maalis ang bara sa lalamunan. “Nasamid pa tuloy ako sa iyo, leche ka.”

Samantala, tulad ng parating nangyayayari,

On the Seventh Day of May - Red Raselom

binatukan ni MJ ang kakambal. “Bobo! Paano’ng naging DnP ang ‘dede ng flat’? Baka, DnF ‘ika mo!”

“Di ‘Dede ni Petra’, ano masaya ka na?” iritadong asik nito.

“Sinong ‘Petra’? ‘Yung sa *Petrang Kabayo*?” Napasinghap si MJ. “Ay! Gusto mong makita ang dede ni Vice Ganda! Alam na.”

“Gago!” sambit ulit ni RJ. “Bakit ko naman gugustuhing makita ang dede ng bakla? P*ta, baka magka-nightmare pa ako. Boobs na lang ni Sasha Grey o Maria Ozawa, baka dila-dilaan ko—”

“TSE!” Hindi na napigilan ni Ruby ang sariling mapairit dahil nababastusan siya sa pinag-uusapan ng mga ito. “Que babastos ninyo. Mga manyakis!”

Napangisi si MJ. “Sus, sabihin mo, inggit ka lang kasi wala kang boobs, parang si Michelle.” Humagikgik ito habang siya naman ay namula sa inis.

Well, totoong flat-chested ang dalaga. Actually, pareho sila ni Michelle ng istraktura ng katawan—petite. Mas matangkad lang siya ng dalawang pulgada rito at maganda ang shape ng baywang niya. Kung maglalagay nga lang siya ng padding sa dibdib at balakang at bibigyan pa ng dalawang pulgada para umabot ng 5’6” ang height, hindi maipagkakailang

pang-modelo na ang katawan niya.

Pero wala namang masyadong pumapansin ng hubog ng katawan niya. Maganda kasi siya; hugis-puso ang mukha, brown na mga mata, saktong tangos ng ilong, at mapulang mga labi. Marami ring humahanga sa itim at bagsak na bagsak niyang one-foot-below shoulders niyang buhok.

“Manahimik ka nga d’yan, leche ka!” Kulang na lang ay umusok ang ilong ni Ruby sa inis. “Wala akong pake kung flat-chested ako. Mas mainam nga ito at baka minamanyak n’yo ako sa isip ninyo. Mga ma-L pa naman kayo. Tsk!”

“Tama na nga iyan, guys.” Inakbayan siya ni Kenneth. “Inaasar n’yo na naman si Ruby. Baka magkapikunan kayo niyan.”

“Asus! To the rescue again itong si Kenneth.” Sumubo si MJ ng pagkain nito. “Magkatuluyan kayong dalawa d’yan, eh. Who knows,” dugtong pa nito habang may laman ang bibig.

Biglang nag-init ang mga pisngi niya.

“Ayie, may namula!” kantiyaw ni MJ.

“Tse!” hiyaw ng dalaga.

Binalot na sila ng katahimikan.

On the Seventh Day of May - Red Raselom

Napansin ni MJ ang isang laruang baril—iyung baril na may malalaking bala pero malalambot—na nakalagay sa ilalim ng coffee table. Kinuha nito iyon.

“Uy, gandang baril naman nito.” Kinasa nito ang laruang sandata. “Kanino ito?”

“Sa kapatid ko iyan,” sabi ni Kenneth.

“Nasaan nga pala ‘yung kapatid mo?” tanong ng dalaga. Dalawa ang kapatid ni Kenneth at parehong lalaki.

“Kakaluwas lang nila kanina. Nagpahatid sa condo namin sa Maynila. Lagi naman iyon, tuwing Sabado,” sagot nito.

“Ngek! Paano iyon? Nagpahatid sa driver n’yo? Sa bagay, rich kid kasi, eh.” Adik din siya dahil sinagot niya ang sariling tanong. “Buti na lang pala nagpaiwan ka.”

“Alam mong ayoko sa Manila, di ba?”

Magsasalita pa sana si Ruby nang biglang kalabitin ni MJ ang trigger ng baril. Lumabas ang bala niyon na gawa sa foam at tumama sa tagiliran niya.

“Aray!” irit niya. Hindi naman talaga iyon masakit. Sadyang OA lang siya.

On the Seventh Day of May - Red Raselom

Humagalpak ng tawa si MJ. “Tang-ina talaga! Ang tinis ng boses mo, Ruby, kahit kailan. Isa pa nga!” Itinutok nito ang baril sa kanya.

“Kiyah! Kenneth, oh!” Pilit niyang isiniksik ang katawan sa likod nito. “Pagsabihan mo nga si MJ!”

Natawa lang si Kenneth at napailing-iling. Kinuha nito ang isa pang baril-barilan na nasa ilalim din ng coffee table. Mas malaki iyon sa hawak ni MJ.

“Ano, MJ, papalag ka?” hamon nito with matching pagtayo para bongga. “Mas malaki ito?”

Ngumisi si MJ. “Malaki?”

“Nas’an ang malaki?” biglang sabi ni RJ. Lumingalinga pa ito.

“Ito!” Inasinta ni MJ ang crotch ng kakambal, sabay dakma ‘niyon’.

“P*tang—” Itinulak nito ang kakambal. “Tang-ina, ha! Ang sakit!”

“Isa pa?” Muli nitong kinalabit ang trigger.

Tinamaan si RJ sa noo kaya muli itong nagreklamo. Kinuha tuloy nito ang throw pillow na nakapatong sa sofa at ibinato sa kakambal.

Umilag si MJ habang binabaril ang kakambal.

On the Seventh Day of May - Red Raselom

Kaso dahil sadyang naging hyper na ito, maging sina Ruby at Kenneth ay tinira na rin.

The fierce battle began! Bale naging magkakampi sina Ruby at Kenneth habang nag-solo naman sina MJ at RJ. Kanya-kanyang takbuhan sila sa loob ng bahay. Umabot pa nga sila hanggang sa attic.

“P*ta, wala na akong bala!” sigaw ni MJ habang lumilinga.

“Bleh! Nasa amin na lahat!” tatawa-tawa na sabi ni Ruby habang iniaabot niya kay Kenneth ang mga bala. Siya kasi ang taga-ipon ng bala habang ang lalaki ang taga-baril.

“Ang duga nga ninyong tatlo, ay. May baril kayo; ako, unan lang ang weapon ko!” reklamo ni RJ. “Maduga. Dapat may—ay, p*tang!” Binaril ito ni Kenneth at tumama ang bala sa leeg nito.

Tawa nang tawa si Ruby. “Go, Kenneth! Barilin mo ang mga gorilla na iyan!” utos pa niya rito.

“Tang-ina, anong gorilla? Ginagalit ninyo ako, ha! Roar!” Binayo-bayo ni RJ ang sariling dibdib na para bang ginagaya nito si King Kong. “Magsu-*Super Saiyan* na ako!” Sumugod ito sa kanila.

Umirit ang babae.

On the Seventh Day of May - Red Raselom

Samantala, agad na hinawakan ni Kenneth ang kamay ni Ruby at hinila siya palayo. “Takbo, Ruby, takbo! Hinahabol tayo ni *King Kong!*” sabi pa nito habang panay ang tawa.

She mentally smiled while looking at their entwined hands. Ang lambot ng kamay ni Kenneth, gustung-gusto niya ang pakiramdam niyon sa balat niya.

“Roar! Kapag nahuli ko kayo, ire-rape ko kayo!” sigaw ni RJ.

Nakarating sila sa hagdanan.

“Baba, Ruby!” utos ni Kenneth. Binitiwang na nito ang kamay niya. “Punta tayo sa may veranda—” Bigla na lamang itong nabuwal.

“Kenneth!” malakas na sigaw niya habang nasasaksihan kung paano nagpagulong-gulong ang kaibigan sa hagdanan.

Nang lumapag na ito sa sahig, dali-dali siyang bumaba at tinulungan itong bumangon.

“Kenneth! Okay ka lang?” nag-aalalang tanong niya. Pinaupo niya ang lalaki sa pinakaibabang baitang ng hagdanan.

“Oo...” sabi nito habang minamasahe ang

sentido. “Bigla lang akong nahilo.”

Saktong dumating ang kambal na nataranta dahil sa bigla niyang pagsigaw. “Ano’ng nangyari?” sabay na usisa ng mga ito.

“Nahulog siya sa hagdanan,” kwento niya.

“Okay ka lang, p’re?” nag-aalalang tanong ni MJ.

“O-oo. Nahilo lang talaga ako bigla.” Tumayo ito pero agad ding nabuwal. Mabuti na lang ay agad itong naalalayan ni RJ.

Tinulungan ito ng huli na makaupo sa mahabang sofa. Sumunod silang dalawang ni MJ. Umupo siya sa tabi ni Kenneth.

She looked at him worriedly. “Kenneth...?”

His head was resting against the backrest of the sofa. Nakapikit ito habang minamasahe ang sentido. “S-sigurado ka bang okay ka lang?” Ibinaling niya ang tingin kay MJ at inutusan na ikuha ng malamig ng tubig ang kaibigan nila. Agad naman itong tumalima.

“Vertigo lang ito, Ruby, effect ng migraine. Trust me.” Idinilat nito ang mga mata. “Nangyayari talaga sa akin ito minsan.”

“Pina-check up mo na ba iyan?”

“Oo naman, dati pa ito, bumabalik lang.” Saktong dumating na si MJ. Kinuha nito ang baso at tinungga ang tubig. “Kailangan ko lang daw magsalamin.”

“Sure ka, ha?”

Ibinaling nito ang tingin sa kanya. “Ang kulit mo.”

Ngumuso siya. “Sorry na. Nag-aalala lang naman ako sa iyo, eh.”

Kenneth smiled at her. “Na-appreciate ko naman.” Ginulo nito ang buhok niya. “Pero, promise, hindi mo kailangang mag-alala sa akin, Ruby. Simpleng sakit lang ito ng ulo. Iinuman ko lang ng *Biogesic*, mawawala na ito.”

Patuloy pa rin siya sa pagnguso kaya kinurot nito ang labi niya. “Tigilan mo nga iyang kakanguso mo, Ruby, at baka mahalikan pa kita.” Ngumisi ito.

“Tse!” Pinalo niya ang kamay nito. “Tigilan mo nga ako!” Inirapan niya ito habang pilit na itinatago ang pamumula.

Tumawa si Kenneth saka tumuwid ng upo. “O, iyan, okay na ako. Wala na ‘yung sakit ng ulo ko. Hindi mo na kailangang mag-alala sa akin, ha?”

Hindi siya umimik.

On the Seventh Day of May - Red Raselom

Inakbayan siya nito saka binulungan, “Pero thank you sa pag-aalala sa akin. Natuwa ako roon, Ruby.” Ngumiti ito nang pagkatamis-tamis... at tulad ng parating nangyayari, pinatibok niyon nang mabilis ang puso niya. Tuloy, nawala na ang pag-aalala niya at napalitan iyon ng kilig.

Tumikhim si MJ, na naging dahilan para ma-distract sila. “Bago kayo maglandian d’yan, baka nakakalimutan ninyong nandito pa kaming dalawa ng malibog kong kakambal,” sabi pa nito.

“Anong malibog? Mas malibog ka, gago!” hirit ni RJ.

At tuluyang nagpalitan ng trash talk ang dalawa kaya muling napuno ng tawanan ang sala ng bahay ni Kenneth.

9

Nagbabasa ng libro si Ruby sa sala nang bigla siyang gulatin ng kanyang kapatid.

“Hold-up ito!” Tinutukan siya nito ng pellet gun sa tagiliran.

Napairit naman siya sa labis na gulat. As usual, makabasag-salamin ang tinis ng boses niya ala-Mariah Carey... rather, Maria Callas dahil talagang ear-piercing na sa taas.

Hinarap niya ang humahalakhak na kapatid saka hinampas ito ng throw pillow.

“Ano ba, Kuya Netnet!” asik niya rito. “Nakakagulat ka naman, eh.”

Napakamot ito ng ulo. “Bakit ba ‘Netnet’ ang tawag mo sa akin? Ang pangit, ay,” reklamo nito.

Kenneth din ang pangalan ng kapatid niya, at wala itong nickname. Siya lang talaga ang nagbigay ng palayaw rito dahil ayaw niyang malito sa dalawang Kenneth na kilala niya. Hindi nga lang niya alam kung bakit ang kuya pa niya ang binigyan niya ng pangalan.

On the Seventh Day of May - Red Raselom

“Ba’t ba? Trip ko, eh. Ano’ng magagawa mo?”
Inirapan niya ito saka ipinagpatuloy ang pagbabasa.
“Doon ka na nga. Inaabala mo ang pagbabasa ko, eh.”

Nilubayan naman siya nito kaagad.

Or maybe not.

Pinaputok nito ang baril.

“Kiyah!” irit niya ulit, OA as usual. Muli niyang hinarap ang nakatatandang kapatid na kasalukuyang kinakasa ang baril. “Ano ba’ng problema—waaah!” Kinalabit nito ang trigger kaya agad niyang kinuha ang unan para iharang sa katawan.

Tumawa si Netnet. “Haha! Ang OA ni Ruby!” Para itong batang uhugin kung mang-asar. “Walang bala ito, ay. Kung makairit, OA.”

Totoo ang sinabi nito. Sadyang OA lang talaga si Ruby kahit kailan.

“Nakakainis ka ‘ika mo, eh!” Inilapag niya ang libro sa coffee table at kinuha ang throw pillow sa tabi niya. “Tigil-tigilan mo nga ako, leche!” Hinampas niya ng unan ang kapatid.

Muli itong natawa habang todo-salag.

Biglang napatigil ang dalaga, pagkuwa’y

napangiti.

“Nangiti ka d’yan?” saad ni Netnet nang mapansin nito ang pagbabago ng reaksiyon niya.

“Wala!” aniya habang pilit na itinatago ang pamumula ng mukha. “Sige, akyat na lang ako sa kwarto ko para huwag mo akong bulabugin.” Kinuha niya ang libro saka dali-daling pumanhik. Narinig niyang inaasar siya ng kapatid, pero hindi niya ito pinansin.

Agad niyang ni-lock ang kwarto nang makapasok saka nagtatalon sa labis na kilig.

Anubey! Naalala ko na naman ‘yung scene last week! kinikilig niyang monologo. Si Kuya naman kasi, eh. Naglabas pa ng baril-barilan. Imbis na dapat naka-move on na ako doon.

Hindi talaga siya madaling maka-get over sa mga nakakakilig di-umanong moment niya with her crush. Tulad na lang ng kaganapang iyon kung saan mangilang ulit silang nag-holding hands ni Kenneth. Ewan ba niya kung bakit hanggang sa sandaling iyon ay ang lakas pa rin talaga ng tama niya sa binata.

Natigilan siya nang biglang mag-vibrate ang cell phone niyang nasa bag niya. Nag-text pala si Kenneth sa kanya.

On the Seventh Day of May - Red Raselom

Shucks! Alam kaya niyang iniisip ko siya? Binasa niya ang mensahe at laking dismaya niya nang mapag-alamang group message lang pala iyon na naglalaman ng quotation tungkol sa pag-abot ng pangarap at pagbati ng magandang hapon sa mga nasa contact nito. *'Kainis, akala ko pa naman... Umasa pa ako... Nagkunwari siyang na-depress..*

Humiga siya sa kama at handa na sana ulit gunitain ang tungkol sa barilan scene nila nang maalala niya ang biglang pagsakit ng ulo ni Kenneth. Napawi tuloy ang ngiti niya.

Okay lang kaya talaga siya? Hindi talaga maiwasang mag-alala ni Ruby. Natural lang sa tao ang sumakit ang ulo, pero ang nangyari kay Kenneth, she was sure that it wasn't normal.

Bumangon siya saka bumuntong-hininga. "Alam kong OA akong tao, pero wala namang masama kung mag-worry, di ba? What if sign na pala iyon ng malalang sakit, hindi lang talaga niya pinapansin? Walang masama kung aalamin, di ba?"

Tinapik niya ang magkabilang pisngi. "Ay, bruha! Anubey! Kung anu-ano'ng iniisip ko, eh. Tama ba naman ya-en?" Muli niyang sinampal-sampal ang sarili bago nagdesisyong mag-Facebook na lamang sa phone niya.

On the Seventh Day of May - Red Raselom

Notification agad ng group chat nila ang bumungad sa kanya. As usual, active na active ang mga kaibigan niya.

Nag-backread siya. Mayamaya ay tawa na siya nang tawa dahil sa kakulitan ng mga kaibigan.

“Sira-ulo talaga itong si MJ. Lagi na lang binubully si RJ, eh!” May sinend kasing video si MJ. Vinideohan nito si RJ habang naliligo at kumakanta ng *Chandelier* ni Sia Furler. Tuloy, pinagmumura ito ng kakambal pagkatapos ay naghabulan din. Tabo nga lang ang pinantakip ni RJ sa maselang parte ng katawan nito.

Hanggang sa humantong sa topic na pulos kadramahan. Pinasimulan iyon ni Michelle.

Michelle: Paano kaya kung hindi kami magkatuluyan ni Dylan?

Josel: O.O

Josel: OMG TO THE HIGHEST PITCH WITH MATCHING PIYOK AND HEAD BANG ON THE FLOOR!

Josel: Dylan, oh? Nababasa mo ba ito?

On the Seventh Day of May - Red Raselom

Josel: Ang haba ng sinabi ko, leche. XD

*Michelle: Kasi naman nakakapraning, eh.
Promises are meant to be broken, di ba?*

MJ: Oo nga! Walang forever!

Dylan: ...

Michelle: Dylan, umuwi ka na, please? :(

Seen by Dylan

Michelle: Hoy, huwag mo akong i-seenzone!

--

Napailing-iling na lamang si Ruby. Recently, napapansin niya ang pagiging praning ni Michelle. Of course, it was all about Dylan. Parati nitong sinasabi na paano kaya kung may girlfriend na pala ang lalaki pagkatapos ay hindi nito sinasabi sa kanila, ganito, ganyan.

One time nga'y nairita na siya kaya sinabihan niya ito ng, *“Alam mo, Mich, kung talagang mahal mo si Dylan, magtiwala ka sa kanya. Trust is one of the stronger signs of love kaya magtigil ka sa kakasabi mong baka niloloko at pinapaasa ka lang ni Dylan.”*

Hindi niya alam kung ano ang ipinagkakaganoon

On the Seventh Day of May - Red Raselom

ng kaibigan. She just wished na sana ay tumigil na ito dahil makakaapekto iyon sa studies nito. Isa pa naman sa nagustuhan niya kay Michelle ay ang pagiging matayog ng pangarap nito, tulad niya, at natatakot siyang masira lang iyon dahil sa sobrang pagkahumaling nito kay Dylan.

Sinara niya ang *Messenger* saka nag-status ng: *Loving someone is inspiring, but too much will break you.*

“This message is for Michelle and other girls na sobrang nagiging obsessed sa kanilang mga boyfriend,” bulong niya matapos pindutin ang update button. “Sana makarating ito sa kanila.”

Wala pa mang sampung segundo ang lumilipas, naka-receive siya ng notification. Somebody commented on her status, and that somebody was no other than Kenneth.

Her heart pulsated. *Kiyah! Ano kaya’ng sabi niya? Excited niyang tiningnan ang message nito.*

#whogoat lang, Ruby? Haha. Iyon ang komento nito.

Napangiti siya. *Hehe, medyo lang. May naalala kasi ako, eh.*

Dahil online ang kaibigan, naging mabilis ang

palitan ng mensahe nila.

Kenneth: Ganoon? Ano naman kaya iyon?

Ruby: Wala. :”>

Kenneth: Ang duga. Share!

Ruby: Tse! Wala nga, eh. Kulit mo rin, ne?

Kenneth: Baka kasi ako iyan, eh. :(Alam mo naman kung gaano kita kamahal, di ba? Nag-uumapaw.

Napabalikwas siya ng bangon.

“Shet! Ano na namang kalokohan ito, Kenneth, ha?!” sabi niya while typing her statement. “Tigil-tigilan mo nga ako sa kalokohan mo.”

Ang reply ng binata? “Bakit? Totoo namang mahal kita, di ba? Ano ba’ng hindi mo matanggap sa akin? Saan ba ako nagkulang para hindi mo ako mahalin? Ruby, ang sakit, promise. Sinira mo ang pangako nating dalawa sa ilalim ng cherry blossoms noong mga bata pa tayo na magiging tayo.”

Napalunok siya. *Hindi siya seryoso, di ba? Tell*

On the Seventh Day of May - Red Raselom

me, hindi siya serious! Gosh! Muli siyang napahiga. Kinapa niya ang dibdib; ang bilis ng tibok niyon.

At ikaw namang lecheng puso ka, bakit ka nagwawala? Leche! Please, don't make me regret that I rejected him— Natigilan siya. Wait, I didn't mean it that way! Walang romantic churvaness iyon, duh. What I mean is, of course, ang hirap kayang mambasted, lalo na kung super close kayo ng guy, ne. Of course, crush ko si Kenneth at gusto ko rin siyang maging boyfriend pero—

Muli siyang bumalikwas ng bangon. “ANO BA?!” Sa lakas ng boses niya ay paniguradong narinig na siya ng kapitbahay nila. “Naloloka na ako and it's all because of you, Kenneth Cristobal!”

Muli niyang binasa ang message ng binata, hoping na mali ang pagkakaintindi niya kanina o mabago ang nakasulat doon, pero walang nangyari. Kenneth was really lamenting because she rejected him.

She sighed. *Mahal pa rin kaya niya ako? At bitter pa rin kaya siya dahil ni-reject ko siya?*

Nagtalo ang isip niya. A side of her brain negated the idea. *Nagto-troll lang si Kenneth. Kung talagang bitter pa rin siya, bakit nakakalapit siya sa iyo na parang walang nangyayari? Hindi na siya bitter, assumera ka lang talaga dahil crush mo siya at*

On the Seventh Day of May - Red Raselom

nagpapakipot ka sa kanya.

“Ouch, ha? Ang sakit mong magsalita,” bulong niya sa sarili. Pagkatapos, pinakinggan naman niya ang kabilang panig ng utak niya.

Kenneth is bitter! Bakit, hindi ba pwedeng itinatago lang niya? Isa pa, hindi naman siya gumamit ng emoticons. That indicates he’s serious!

Pero kaya ba niya ipangalandakan ang drama niya sa Facebook?

The contra-’bitter pa rin si Kenneth’ side rebutted. *Duh, ang matured kaya niya kumilos. Check mo pa ‘yung FB account niya, hindi nga marunong mag-status ng kadramahan, eh. Normally, share lang siya nang share ng mga picture sa 9GAG.*

Basta, bitter siya. Nagpapapansin siya kay Ruby! Bakit, may ebidensya ka ba? Nababasa mo ba ang laman ng utak niya? Psychic ka ba?

Fallacy of Argumentum ad Ignorantiam iyan! Foul iyan!

Bitter siya!

Hindi siya bitter!

“TSE!” muli niyang sigaw. Kaunti na lang talaga

On the Seventh Day of May - Red Raselom

ay pwede na siyang isugod sa mental hospital. Sakto pang mayroong asylum sa Mariveles, at Letranista at nagdo-dorm din ang anak ng isa sa mga psychiatrist ng nasabing ospital.

Kinuha niya ang cell phone para padalhan ng direct message si Kenneth. Nagbago nga lang ang isip niya nang makitang naka-mobile pala ito. Tuloy, tinawagan niya ito.

“Kenneth! Oy, seryosong usapan.”

He replied, “Oh?”

“Yung kanina?”

“Alin? ‘Yung biruan natin? What about that?”

“It’s just a joke, right?”

There was a short pause before Kenneth replied again. “Oo. Bakit?”

Nakahinga nang maluwag si Ruby. *Hay, buti naman.* “Wala! Jusme, nakakakonsyensya kasi.”

“At bakit naman?”

“Kase, tingnan mo! May rejection na, may binasted pa. ‘Tapos, may broken promise pa!”

Narinig niyang tumawa ang binata. “Niloloko

lang kita. Mukha bang totoo ang sinabi ko?”

“Oo kaya! Basahin mo!”

“Sus, kailan pa ba nagkaroon ng cherry blossoms sa Pilipinas, sige nga?”

Sandali siyang natigilan. *Oo nga naman? Di ba, sa Japan lang mayroong ganoon? Saka yata sa ibang malalamig na lugar.* Nang bigla siyang may naalala... Sa Palawan nga pala merong native cherry blossoms at napanood niya iyon sa news dati. Pati sa Cavite, meron. At nabasa rin niyang may itinayong cherry blossoms farm sa Benguet.

“Alam ko!” naiinis na turan ni Ruby, hindi na sinabi ang nalalaman tungkol sa cherry blossoms sa Pilipinas. Napakamot siya ng ulo. “Eh, kasi naman! Kung anu-ano kasi’ng pinagsasabi mo. Nakakalurkey ka, eh.”

“Adik. Hindi ba halatang nagloloko lang ako?”

“Hindi, grabe! Tingnan mo!” Kinapa niya ang lalamunan. Medyo sumakit na kasi iyon sa kakasigaw niya. “Naisip ko pa tuloy na baka umaasa kang papayag akong ligawan mo ako kasi kung umasta ako ay parang hindi kita binasted, eh.”

“Grabe! Mukha ba akong umaasa?” hindi

makapaniwalang tugon ni Kenneth.

“Naisip ko nga lang, di ba?”

“At bakit?”

Natigilan si Ruby. Bakit nga ba niya naisip na baka umaasa si Kenneth? Dahil kaswal na kaswal itong makitungo sa kanya? O dahil inaakbayan siya nito minsan? Or could it be the other way around? Siya talaga ang umaasang umaasa ito?

Kumunot ang noo niya. Syempre, todo deny siya. *Duh?! Saan ko nakuha iyon?*

“Wala lang,” sabi na lang niya, trying to dismiss those thoughts out of her mind. “Alam mo naman siguro ‘yung kasabihang ‘some jokes are half-meant’, di ba?”

“Bakit? Bawal ba akong mag-joke, Ruby?” Kenneth sounded too defensive.

She ignored what she noticed. “Jusme, Kenneth! Hindi kaya ako sanay na ganyan ka, duh!”

There was another pause. “Hindi ba kita inaasar dati, Ruby?”

“Aba, malay ko?” mataray na asik niya. “Tumataas na yata ang presyon ng dugo ko dahil sa iyo, eh.”

“Galit ka?” Kenneth spoke with a low voice,

On the Seventh Day of May - Red Raselom

sounding apologetic. Tuloy, na-imagine niyang sasabihin nitong ayaw nitong nagagalit siya dahil friendzone na nga ito sa kanya, mag-aaway pa sila. Kawangis kasi ng tono nito ang tonong ginamit nito noong naglaro sila ng tagu-taguan noong may bagyo.

At kinikilig siya kapag naiisip iyon.

Tse! Napahilamos siya ng mukha. Hindi ako kinikilig! Ingudngud n'yo man ang maganda kong mukha sa baku-bakong highway sa Pampanga dahil sa non-stop road construction! Kaso nagsisinungaling siya kaya pwedeng-pwede na ngang ingudngod ang mukha niya.

She breathed slowly, trying to calm down. Nang okay na, sumagot siya, “Hindi naman, Kenneth. Naloka lang talaga ako sa iyo kasi... you know? P-past.” She felt the awkwardness again.

For the third time, there was a pause before he spoke again. “Don’t worry, Ruby, naka-move on na ako.” Kenneth sounded enthusiastic which made her feel better. Well, not until he said, “Besides, may plano na akong ligawan na iba, eh.”

Tila binagsakan siya ng isang toneladang debris ng tinibag na daan galing sa highway sa Pampanga nang marinig iyon.